

THE PROJECT GUTENBERG EBOOK OF AGAWAN NG DANGAL, BY FAUSTA CORTES

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Agawan ng Dangal

Author: Fausta Cortes


Release date: May 30, 2013 [EBook #42851]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Rollings, Jeroen Hellingman and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> (This file was made using scans of public domain works from the University of Michigan Digital Libraries.)

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK AGAWAN NG DANGAL \*\*\*

[Nilalaman]



AKLATAN ÑG "KAMI NAMAN"  
**AGAWAN ÑG DAÑGAL**  
KASAYSAYANG TAGALOG

KATHA NI

**FAUSTA CORTES**

*Naging Pañgalawáng Pang-ulo ñg "Liga de  
Mujeres Filipinas"; Kinatawán sa Unang  
Kapuluñgang Manggagawa at Taga-  
Inñgat-yaman ñg "Magdamayán  
At Nang Matanghál".*

IKATLONG AKLAT ÑG AKLATAN ÑG  
**"KAMI NAMAN"**



AKLATAN NG  
"KAMI NAMAN"  
1045, DAANG DART, PAKO,  
MAYNILA, K. P.  
1914

**Aklatan ñg "Kami Naman"**  
**Agawan ñg Dañgal**  
**Kasaysayang Tagalog**

Katha ni

**Fausta Cortes**

*Nagíng Pañgalawáng Pang-ulo ñg "Liga de Mujeres  
Filipinas"; Kinatawán sa Unang Kapuluñgang  
Manggagawa at Taga-Inñgat-yaman ñg "Magdamayán  
At Nang Matanghál".*

Ikatlong aklat ñg aklatan ñg

“Kami Naman”

Aklatan ng

“Kami Naman”

1045, Daang Dart, Pako,

Maynila, K. P.

**1914**

[Nilalaman]

## SA TUTUNGHAY

KAPATID: ¡Kay laking pagkabigó mo! Oo, nabigo ka; sapagka't kaya mo binili at babasahin itong AGAWAN ÑG DAÑGAL, ay sa paniniwala mong ito ay kagaya ñg mña nabasa mo nang akda, na pawang mahahalaga at matatamis. Samantalang ang AGAWAN ÑG DAÑGAL ay dahóp na dahóp sa palamuti ó hiyas na iyán. Salat sa matatamis na pananagalog. Dukha sa matatayog na isipan. Kapós sa mararañgal na turo. Paano'y ako sa Lupon ñg mña Manunulat ñg “KAMI NAMAN”, ay isang baguhan sa larañgan ñg panulat. Lakas-loob lamang ang umakay at nagbunsod sa akin. Gayón ma'y naniniwala akóng pakikinabanñan mo upang gawing aliwan. At huwag nawang kumupas ang kapuripuri mong pagmamahal sa wikang tagalog.

ANG KUMATHA.

[Nilalaman]

## PATALASTAS

Ang AGAWÁN ÑG DAÑGAL ay siyáng ikátlóng aklat ñg Aklatan ñg “Kamí Namán” na pinalabás ñg Lupon ñg mga Manunulat. Una ang “*Tagumpay ñg Api*” ni Bb. Pascuala Pintor at ikalawá ang “*Tuntunin ñg Pulong*” ni G. Rosendo S. Cruz.

Ang AGAWÁN ÑG DAÑGAL ay ipinagbibilí sa lahát ñg bilihan ñg aklat dito sa Maynila, sa halagáng dalawang piseta (₱0.40) ang bawa't salin.

Ang AGAWÁN ÑG DAÑGAL ay mababasa rin ñg mga na sa lalawigan, kung magpapadalá ñg halagáng isáng salapi (₱0.50) kay Bb. *Carmen de la Rosa* sa Aklatan ñg “**Kamí Namán**”, 1045, daang Dart, Pako, Maynila, K. P.

Ang AGAWÁN ÑG DAÑGAL ay mapapakyáw sa Aklatan ñg “**Kamí Namán**” at nagbabawas ñg malakí sa halagá.

Ang AGAWÁN ÑG DAÑGAL ay aring tunay ñg kumatha.

Ang AGAWÁN ÑG DAÑGAL ay gaya rín ñg lahát ñg sinulat ñg mga tagá “**Kamí Namán**”, na maaaring bilhín sa pamamagitan ñg liham. Sumulat at ilakip ang halaga ñg aklat at gugol sa selyo sa nasabi ñg Aklatan ñg “**Kamí Namán**”, at walang salang di nila tatanggapín sa pagbalík ñg korreo. Dapat ipadalá ang kalatas kay Bb. *Carmen de la Rosa*, ang Pañgulo ñg Lupon ñg mga Manunulat ñg “**Kamí Namán**”.

## AKLATAN NĜ

## “KAMI NAMAN”

1045, DAANG DART, PAKO, MAYNILA, K. P.

## LUPON NG MGA MANUNULAT

## MGA KATHANG LUMABAS NA

## UNANG AKLAT

## TAGUMPAY NG API

Katha ni Bb. Pascuala Pintor, Panĝulo nĝ Lupon nĝ mĝa Bituin nĝ “Kami Naman” at panĝatlo sa mĝa babaing pilipina na sumulat nĝ nobela. Ang kathang ito ay larawan nĝ mĝa pusong kulang nĝ pagtatapat.

## IKALAWANG AKLAT

## TUNTUNIN NG PULONG

Sinulat ni G. Rosendo S. Cruz, Panĝulo nĝ Pamahalaan nĝ “Kami Naman.” Isang ganap na patakaran nĝ maayos na pagpupulong. Halaw sa bantog na “Robert’s Rules of Orders”.

## IKATLONG AKDA

## AGAWAN NG DANGAL

Akda ni Bb. Fausta Cortes, isa sa mĝa Bituin nĝ “Kami Naman” at pangapat sa mĝa babaing pilipina na lumikha nĝ kasaysayang tagalog. Ang akda ay matatarok sa pabasa nĝ aklat na itó.

[V]

## PANGUNANG HAKA

## NI

## G. ROSENDO S. CRUZ

Hiniling nĝ pinagpipitaganang kong Bb. Fausta Cortés, kumatha nĝ aklat na ito, na ako ang siyang magbigay nĝ pang-unang salita dito sa kaniyang akdang AGAWAN NĜ DANĜAL. Pagkapalibhasa’y naging ugali ko na ang di marunong sumuay sa mĝa ganitong pithaya, lubha pa’t ang humihiling ay isang gaya ni Bb. Fausta Cortés na di marapat pagkaitan, kaya mahirap man sakali sa akin ang tumungkol sa ganitong bagay ay tutupad ako at tahasang ilalahad ang aking mĝa kuro-kuro.

May ilan nang taong lumipas nĝayon na ang suliranin nĝ *feminismo* dito sa ating bayan ay napagtalunan hanggang sa mĝa pahayagan. Pinagkuro kong matamán ang mĝa katwirang pinanghawakan nĝ mĝa sangayon at di sangayon, hanggang sa ang naging wakás ay napanig ang aking paniniwala sa salunĝat.

[VI]

Parang pagsurot sa aking pagpanig sa mĝa di sangayon sa *feminismo* ay walang kaabogabog ay sumipot naman ang mĝa kilalang kapisanan nĝ mĝa babae na ang mĝa pamagat ay “Liga de Mujeres Filipinas” at “Ang Babae Ngayon”. Ang mĝa kapisanang ito, na pawang itinataguyod nĝ mĝa babae ay nagpakita nĝ kanikanilang kasiglahan at kapuripuring kabayanihan. Nang mapagmalas ko ang ganitong kilusan nĝ mĝa babae ay unti-unting nahahapay ang aking pananalig sa di pagsangayon sa kababaihan. Unti-unting nawala ang aking pag-aakalang ang mĝa babae ay dapat lamang maging reina nĝ mĝa tahanan, bulaklak na humahalimuyak sa isang halamanan.

Hindi nĝa lamang ito ang siyang nakapaghawi sa tabing nĝ mali kong akala, kundi nĝ matunghayan ko ang mĝa ilang aklat na katha nĝ mĝa babae na ang mĝa ito ay

ang “Sawing Pagasa” ni Bb. Francisca Laurel, ang “Nang Bata pa Kami” ni Bb. Pura L. Medrano, at ang “Tagumpay n̄g Api” ni Bb. Pascuala Pintor. Ang pagsipot n̄g m̄ga nasabing aklat ay siyang lubusan na nagpagupo sa aking pananampalataya na ang m̄ga babae ay batbat lamang n̄g hiwaga, palamuti n̄g isang tahanan, at aliwan sa magusot na buhay na ito. N̄gayon ako nanalig na ang m̄ga babae ay hindi n̄ga lamang pala isang kasangkapan sa loob n̄g ating m̄ga tahanan, ni bulaklak na samyuan n̄g ban̄go, kun di ang m̄ga babae n̄ga pala ay isang tunay ding lakás, isang bahagi n̄g lahi na may karapatan at kakayahang makatulong n̄g pagpapaanyo n̄g isang bayan, n̄g isang lahi, at n̄g sangkatauhan.

[VII]

Dapat alisin ang piring n̄g ating m̄ga mata at ititig diyan, sa m̄ga babaeng may m̄ga ginintuang pagkukuro. Dapat han̄gaan ang kanilang katalinuhan at kailan man ay di nararapat ipalagay n̄g kahi’t sino na ang babae ay alan̄gan sa pagkukuro n̄g isang lalaki.

¿May alinlan̄gan pa kayo?

Naririto ang isa pang matibay na saksi n̄g aking m̄ga pan̄gun̄gusap. Basahin ninyo ang kathang AGAWAN NG DANGAL na bun̄ga n̄g isipan n̄g isa ding babae na si Bb. Fausta Cortés at pagkatapus ay dilidilihin ninyo ang m̄ga nasasaysay, tutupin ang inyong dibdib at sabay na tanun̄gin ang inyong sarili kung tunay n̄gang ang ganitong panulat ay dapat han̄gaan at sampalatayanan.

Ang aklat na ito ay isang matibay pa n̄gang saksi (aking inuulit) n̄g katalinuhan n̄g m̄ga babae, lalo’t higit ang sa kaniya’y kumatha. Dumadaliri ang aklat na ito sa maling kinahimalin̄gan n̄g ilan na pagmamaimbot n̄g sandat at imbing karan̄galan, pagwawalang bahala na sa lahat, mangyari na ang ano mang mangyayari makaagaw lamang at magtagumpay ang pagiimbot n̄g dan̄gal. Anopa’t ang aklat na ito ay nararapat maging salaming malinaw n̄g m̄ga masasama at mabubuting kalooban. Ang suliraning idinudulot n̄g aklat na ito ay nasa babasa ang kaibigan, alalaon baga’y, kung ang mangbabasa ay walang takot na maging ganid at matapang ang loob na maging asal Kain ay pupulutin niya ang m̄ga pakana n̄g may masamang asal na nalalarawan sa aklat na ito. N̄guni’t kung ikaw na mangbabasa ay kapatid ni Mabuting asal at anak ni Malinis na budhi ay pupulutin mo naman ang m̄ga bagay na kapuripuring tinungkol n̄g ulirán n̄g magagandang asal.

[VIII]

Dapat n̄gang han̄gaan ang panulat at pagkukuro n̄g babaing may katha n̄g aklat na ito. Ang isang kabaro ni Eva na may ganitong katalinuhan ay katan̄gi-tan̄gi. Ito’y talagang taglay n̄g kabihasan.

¡Sulong kayo kababaihan! N̄gayon ay panahon n̄g pagkilos. Pagbibigti ang pagwawalang kibo at pagpapakaimbi ang paghahalukipkip.

ROSENDO S. CRUZ.  
Agosto 2, 1914.

[IX]

[Nilalaman]

## SA MGA BITUIN NG “KAMI NAMAN”

Makikislap na Bituin:

Lahat n̄g búhay ay nagtatapos sa mapanglaw na kamatayan. Lahat naman n̄g Samahan ay nagwawakas sa masaklap na paghihiwalay. Ang lakad na ito n̄g kalikasan ay talagang di na mababago n̄gayon at sa haharapin. N̄guni’t ang sanla ng pagaalaala, sagisag n̄g pagmamahal, ay di kumukupas kailan man. Bagkus lalong nagiibayo habang tumatagal, ang tingkad at uri n̄g katuturan. Paano’y walang pagmamahal na napariwara.

Ang kalakhan n̄g aking pananalig, na walang pagaalaalang nasawi, ay siyang nagutos sa akin, n̄g paghahandog ko n̄g maralitang akdang ito, sa inyong kapitapitang m̄ga bakás; saksi n̄g aking pagmamahal. Inihahandog ko sa inyong m̄ga yapak, hindi upang kayo ay aralan, kung hindi upang aliwin ang inyong m̄ga pusong laging nan̄gan̄garap n̄g biyayang dulot n̄g pagibig.

At ¿sino ako sa harap n̄g makikislap na «Bituin»?

¡Ako!

¿Ako ang man̄gan̄garal?

[X]

¡Ni sa panaginip ay hindi mangyayari!

Kailanġang masaulo ko ang dunong nġ sangkatauhan; kailanġang matarok ko ang lihim nġ sangkalanġitan; kailanġang ako ay maging araw muna, bago ako lumuklok sa matayog na karanġalang guro nġ mġa «Bituin»... At sapagka't hindi mangyayari ang ginto kong guniguni, ay manulos na lamang tayo, sa ang AGAWAN NĠ DANĠAL ay inihahandog ko sa inyo, tanda pang minsan nġ aking pagmamahal.

Inihahandog ko rin namán sa inyo, upang kung kayo ay umaawit na nġ bagong búhay, ay magunita man lamang, na kayo ay naging «Bituin» nġ «Kami Naman», suló na tumanglaw sa landás na binagtasan nġ masisikap na kawal nġ kilusan nġ mararalita. At mapagukulan nawa ninyo nġ dukha mang alaala ang mġa nasawi sa pagsisigasig na itanghal ang bayang mahirap. Sa gayon ay mabibilang tayo sa boong sangsinukob na humahanġa at nagdadanġal sa mġa pinagpala dahil lamang sa pagsisikap na buhayin ang naghihingnġalong pagkakapatiran....

¡Maging dapat nawa sa inyong kadakilaan!...

Nakikipagkapatiran,

FAUSTA CORTES.

Pako, 5 nġ Mayo nġ 1914.

[XI]

[Nilalaman]

## AGAWÁN NĠ DANĠÁL

[XII]

[Nilalaman]

“Pagpipilitan naming bakahin ang lalong masamang sakit nġ tao: ang AGAWÁN NĠ DANĠÁL, sakit na nagbabagsak nġ mġa banal na layon at dakilang panġarap; sakit na lalong mabisa sa pagpatay sa naghihingnġalong pagkakapatiran at pipilitin naming sa ibabaw nġ sakit na iyán, ay magluningning ang tagumpay nġ wastong ugali, ang paggalang at pagibig nġ tao sa tao....”

—Mga panġunġusap ni G. Angel de los Reyes, Panġulo nġ “Kami Naman,” sa talumpating binigkás nitó sa pagtatanghál nġ Samahán, noóng iká 26 nġ Oktubre, 1912.

[13]

[Nilalaman]

### I

## MGA PUSONG NAMANDAW NG KAPWA PUSO

Ang kapanglawang naghari nġ gabing yaon sa isang nayon nġ Pako ay binulahaw nġ pagtapat nġ ilang pusong namamandaw nġ kapwa puso. Noon ay isa sa mġa gabi nġ Enero; gabing napakalungkot, palibhasa'y manġilangnġilang bituin lamang na nagbabansag nġ kadakilaan nġ Diyos, ang nagaantilaw sa nagtatampong lanġit. Ang buwan noon ay nagmaramot nġ kanyang liwanag, at aywan kung saang sulok nġ kalawakan nagkubli ang kaibigan nġ gabi. Samantalang ang mġa kuliglig at panggabing ibon ay umaawit nġ tagumpay, ang mġa bulaklak naman ay ipinagpapalalo ang kanilang banġo, alindog, at halimuyak. Nġuni't, sa lahat nġ ito ay namamaibabaw ang tinig nġ mġa kalulwang idinadaing ang pagirog, gayong ang bahay na tinatapatan ay waring libinġang lahat ay natatahimik.

[14]

Natapos ang pangbunġad na tugtog. Isinunod naman ang isang *magandang gabi pong* kundiman. At dito'y tinawagan na ang dalagang pinipintuho. Sa pamamagitan nġ malalambing na tinig, ay naunawa nġ lahat nġ doroon, na si Dolores pala ang dinadainġan.

Pagkatapos nġ kundimang yaon, ay siya nang pagbubukas nġ lanġit. Ang lapat na durunġawan nġ bahay na tahimik ay nabuklat. Isang diwata nġ bagong panahon, isang bituing mayaman sa ganda, ay siyang tumanglaw sa mġa pusong

mapagpuyat; nagsabog n̄ liwanag at tuwa.

—Magandang gabi po!—ang magalang na bati n̄ lahat n̄ na sa lupa.

—Magandang gabi po naman!—ang magiliw na tumbas n̄ binibini—Tuloy kayo!...  
;tuloy!...

Ang bahay na may kaliitan ay nagsikip sa labing tatlong kalulwang umakyat sa lan̄it.

[15]

Ilang sandali lamang ang nakaraan at namayani na naman ang bigwela, biyolin, bandurya at plauta. Ang kanilang tunog na tagapagtaboy n̄ hapis, ay minsan pang nagtanghal n̄ gilás.

Sa isang dako naman n̄ harapang yaon, ang magandang si Dolores, ay nagsasabog n̄ kanyang yaman: n̄ dilag at hinhin. Ang maayos na tabas n̄ mukha ay napapatun̄gan n̄ maiitim na buhok. Ang mapupulang pisin̄gi ay tumatapat sa matinkad na itim n̄ kilay. Malalagong pilik-mata ang nagaalaga sa maamong malas. Isang katatagang tan̄gos n̄ ilong ang nagmamalaki sa madugong m̄ga labi. At nagiinamang mga n̄ipin ang bakod n̄ katamtamang bibig na binubukalan n̄ magigiliw na pananalita.

Samantalang ang m̄ga kaharap ay isinasalob ang pagpapasarap sa kanilang tugtugin, si Dolores naman ay isinasabog ang kanyang m̄ga sulyap at titig. Inisaisang lihim na minasdan ang m̄ga binatang yaon. Ang puso niya'y sisikdosikdo; parang giniginaw na nilalagnat. Alan̄gang magmalaki at alan̄gang man̄jimi.

Sa isang dako naman, ay payapang nakikinig ang isang ginoo. Matabang sa mukha ay nababasa ang kagulan̄gan na. Siya ay si kapitang Andoy na ama ni Dolores; ang kilala sa pan̄galang Alehandro Balderrama. Siya ay isa sa m̄ga kinaaalangan̄anan sa daang yaon n̄ Sagat. Baga man lipas na ay kapitan pa rin ang tawag sa kanya. Sa tabi nito ay mukhang napopoot, nakasiman̄got, at maasim na maasim ang mukha, n̄ kapitana Martina, ang ali ni Dolores. Marahil ay dahil sa pagkabulahaw sa kanyang tulog. Liban sa tatlong ito, kay Dolores, sa kanyang ama, at sa kanyang ali, lahat na n̄ doroon ay kabilang na n̄ m̄ga namamandaw n̄ puso.

[16]

«Loleng nalulungkot ako!...» ang manay siyang bun̄gad na kundiman noong binatang tagaawit. Isang malumbay na tugtog ang isinaliw naman n̄ bigwela. Si Dolores ay napalin̄gon sa di kinukusa at naabala tuloy na magpasigarilyo. Ang puso niya'y lalong nilagnat, at pinawisan siya n̄ malamig. Irap naman ang itinugon ni kapitana Martina. At matapos ang magiliw na awit sa «...ay, Loleng n̄ buhay ko!...»

—Aling Loleng—ang saad n̄ isang makisig na binatang kanina pa, ay mapupupuna na, na siya ang may patapat—ipinakilala ko sa inyo ang aking kaibigan—at iniharap ang binatang umawit.

[17]

—Bagong lingkod mo po;—ang sambot n̄ ipinakilala.—Artemyo de la Pas.

—Salamat po;—ang magiliw na tugon n̄ dalaga—gayon din po naman: Dolores Balderrama.

At sila'y nagkamayan, hanggang sa naipakilala ang lahat. Habang si kapitana Martina, ay lalong nagnin̄gas ang poot, si Beteng naman, ang binatang may paharana, ay parang nagmamalaki sa kanyang m̄ga kaibigan. Bawa't makasiping ay binulun̄gan n̄ «¿Bagay na ba sa akin?» Lihim na tatawa at panakaw na tititig sa masayang mukha ni Dolores. Hindi mapalagáy ang binata. Sa lahat ay masasayang n̄iti ang iniuukol. Palipatlipat n̄ upo, at sa labing-dalawang kasama ay siyá ang lalong masigla at nagtatalík sa galák.

Ang katahimikan ay ginambala na naman n̄ tugtugan. Parang sinasadyang binibiro ang pagkaasim n̄ mukha n̄ kapitana Martina. N̄uni't jhimala yata at biglang nagbago ang kunot na noo, noong madinig na muli ang panambitan ni Artemyo! Masayang nakiumpok at sinipin̄gan ang kanyang ipinagmamalaking si Dolores.

[18]

“Ay Loleng! ay Loleng!...  
ako'y mamamatay...  
kung hahabagin mo  
ang daing n̄ buhay...”

Iyan ang simula n̄ mapanglaw na pagdaing, balot n̄ taos na hinagpis, at sa tinig na waring nalulunod sa hirap.

Sa kalagitnaan, ay nagpahalata n̄ panibugho; panibugho na bun̄ga n̄



pagmamahal; at pagmamahal na likha n̄ pagirog. Anya’y:

Kung tumititig ka  
sa ibang binata,  
ang buhay ko Loleng  
ay papanaw yata...

Lalong sinasal n̄ pagtibok ang puso ni Dolores. Waring kinikiliti naman si kapitana Martina. Gayong nakan̄giti n̄ galak ang inaantok na kapitang Andoy. Patuloy naman sa pagsasalooob n̄ tugtog yaong labing tatlong panauhin.

[19]

Napalaot n̄ napalaot yaong si Artemyo sa pagawit. Halos tinig na lamang niya ang nagdidiwang sa loob n̄ bahay. Dahil sa sarap n̄ kundiman, kung minsan ay itirik ang mata sa ilaw na nakabitin. N̄guni’t lalong marami ang lihim na sulyap niya kay Dolores, ang nahuhuli ni matandang Martina.

“Sa paglalaro mo  
n̄ m̄ga bulaklak  
gunitain lamang  
ang aba kong palad...”

Iyan ang patuloy n̄ binatang Artemyo sa kanyang pamamaibabaw. Sinasamantala naman itó ni Beteng upang kaulayawin ang kanyang pinopoon.

—Aling Loleng,—ang wika—talaga pong sa kaibigan kong iyan ay ipinagkakatiwala ko ang aking boong buhay...

—Gayon pala!—ang sambot ni Dolores—na ipinagkatiwala na ninyo sa kanya ang boong buhay ninyo, ay ¿bakit pa kayo sumama rito?

—Ba!—ang tutol ni Beteng—ang ibig kong sabihin ay ipinagkakatiwala kong siya na ang dumaing n̄ hirap ko...

[20]

—Sapagka’t ang damdamin n̄ puso ni Pedro ay maidadaing n̄ bibíng ni Huwan....

—Napopoot ba kayo?—ang maamong tanong ni Beteng na nakahalatang totoong mailap si Dolores. Napuna niyang ang m̄ga tugon sa kanya ay nasasaputan n̄ suliranin.

—Bakit ako mapopoot?—ang pakli n̄ dalaga—sa ang katotohana’y ariin mang biro; ay ipinagtatapat kong walang itatagal ang aking puso sa kanyang panambitan....

“Di ka na naawa  
sa aking pagdaing:  
buhay n̄ buhay ko  
ligaya at aliw...”

Ang waring pakikihalobilo n̄ kundiman na ikinauntol n̄ pagsasalaysay ni Dolores. Sandali silang nanahimik, bago nagsalita si Beteng n̄:

—Diyata’t ¿wala kayong itatagal sa kanyang panambitan?

—Kung wariin ko—ang salo n̄ dalaga.

—Sa gayo’y namamanaag na ang aking tagumpay!

—At bakit po?

[21]

—Di ba sinabi ninyong nahahabag ang puso ninyo sa kanyang panambitan?

—Opo.

—Di nababagbag na ang loob ninyo sa akin? Sapagka’t ang daing ni Artemyo ay siyang daing ko....

—Gayon po ba?

—Sinabi ko na pong ipinagkakatiwala ko sa kanya ang boong buhay ko.

—Ah, ¡mali kayo! ¡Iba si Artemyo kay Beteng! Ang daing ni Artemyo ay buhat sa kanyang puso kaya ang pagkahabag doon, ay pagkahabag sa kanyang pagkatao.....

—Nagbibiro yata kayo!

—Hindi. At ¿bakit ko kayo bibiruin?

—Aling Loleng!

—Talagang totoo: ang puso ko’y nababagbag sa kanyang panambitan. ¡Kay tamis



niyang umawit! ¡Kay sarap dumaing!

—Aling Loleng! ¡Nilulunod ninyo ako!...

Hindi sumagot ang dalaga n̄uni't ang malas ang pinapagsalita. Tinitigan si Beteng n̄ titig na makahulugan. Aywan kung bakit kinuha nito ang kanyang sombrero at matuling umalis. Nilisan ang kanyang m̄ga kaibigan at kasama n̄ walang pasintabi. Sa katamisan n̄ kundiman ni Artemyo ay di naman siya napuna. Liban kay Dolores, ang mahinhing si Loleng, ay walang nakaino. Ito lamang ang nakatatarok na si Beteng ay yumaong may taglay na poot at banta. May poot sapagka't nabigla siya sa m̄ga tugon ni Dolores. At may banta sapagka't nalalaman̄an siya ni Artemyo. Anaki'y isang bayang nilubugán n̄ araw ang dibdib niyáng binabayó n̄ pagnḡin̄gitn̄git.

[22]

“Titigil na naman  
ako sa pagdaing,  
na nagaantabay  
n̄ awa mo Loleng...”

Diyan natapos ang malungkot n̄uni't magiliw na kundiman, na dinaluhan n̄ nakakikiliting taginting n̄ bigwela at biyolin.

Hindi napigilan ni kapitana Martina ang kanyang palakpak; datapwa't si kapitang Andoy ay tinalo na tuloy n̄ antok.

—Salamat po—ang magiliw na sabi n̄ ating dalaga, bago pinagukulan si Artemyo n̄—¡Kay buti pala ninyong umawit!...

[23]

—Baka kung ano na po iyan?—ang may hiyang pakli n̄ binatang pinuri.

Ang usisaang “¿nahan si Beteng?” ay siyang pumigil sa dalaga upang tugunin ang binata. Isa't isa'y nagtanun̄an. Sa tanóng ay tanong din ang itinutumbas. Kaya't nagdiwang ang alin̄gasn̄gas at lahat, liban kay Dolores at sa nakakatulog na kapitang Andoy, ay pinagharian n̄ pagtataka.

—Marahil ay may sumundo—ang saad ni kapitana Martina.

—Magpaalam na tayo—ang lihim namang anyaya n̄ may hawak n̄ bigwela sa kanyang katabi.

—Siya n̄ga—ang ayon naman nito.

—Tayo na—ang ulit n̄ isa.

—Gabi na tayo—ang patuloy n̄ iba.

At lahat ay pinatahimik na naman n̄ tagingting n̄ tuwa. Tumugtog sila n̄ isang pangwakas. Si Artemyo noon ay napatabi.

—Aalis na ba kayo?—ang tanong ni Dolores sa mapalad na binata.

—Opo,—ang tugon nito—sapagka't totoong mababagabag kayo.

—Wala po kayong aalalahanin.

—Salamat po.

[24]

—Kayo pala'y kinatawan ni mang Beteng—ang may n̄giting salaysay n̄ dalaga.

—Siya pong totoo.

—Di ang inawit ninyo'y parang inawit nila?

—Gayon n̄ga po.

—At ang panambitan ninyo ay panambitan nila?

—Yaon po ang dapat.

—Nagkasala ako!—ang waring hinampo n̄ dakilang babai—boong akala ko'y lahat n̄ inyong inawit ay bukal sa inyong puso, mula sa ubod n̄ inyong buhay!...

Kinabahan si Artemyo n̄ marinig ito. Ang puso niya'y di mapalagay. Parang binabayo ang kanyang dibdib. Sampung paghin̄ga ay nan̄gan̄apos. ¡Kaawaawang kalulwa sa gitna n̄ kagipitan! At ang boóng pagkatao niya'y dagling sumuko sa gayóng dilág. Subali't ang kapalaran ay itinatap siya sa landas na dapat tuntunin. At anya'y:

—Ikaw po ang masusunod: maiyuukol mo saan man ibigin, at di malilihis ang iyong

akala...

Hindi tumugon ang dalaga at sinamantala ni Artemyo:

[25]

—Aling Loleng, kung batid mo lamang ang itinitibok n̄g aking loob, ang iniluluha n̄g aking puso, ay sasabihin mong ako’y sinun̄galing....

—At hindi ba kayo sinun̄galing?—ang dugtong n̄g dalaga—¿Di ba kasinun̄galingan ang maglahad n̄g wala sa loob?

—Wala sa loób!

—Kayo na rin po ang nagsabi.

—Yaon po’y lambing lamang n̄g pusong nagtataglay n̄g hiya.... Isang pakunwari n̄g pagibig na nagaalan̄gan sa dakila mong ganda....

—Nagaalan̄gan?

—Opo, aling Loleng, at baka di maging dapat na maglingkod sa inyo....

Tinotoo na ni Artemyo ang pan̄gun̄umpisal. Nilimot na niya ang kanyang tungkulin. Hindi na naaalaalang siya ay kasangkapan ni Beteng. Wala na sa gunitang siya ay bibig lamang n̄g kanyang kaibigan.

Si Dolores, ang mabining dalaga na sumuko ang puso sa m̄ga pagawit ni Artemyo, ay parang nagayuma. Sa kanyang mukha at pan̄gun̄gusap ay nalalarawan ang paggiliw na nabihag n̄g mapalad na binata.

[26]

Sa pagtititigan n̄g dalawang kalulwa ay natapos ang pangwakas na tugtog. Ang m̄ga namamandaw n̄g puso ay nagtayuan na. Isa’t isang nagpaalam at nakipagkamay sa bunying binibini. Ang pagkakataon ay di sinayang ni Artemyo. Siya ang nagpahuli sa lahat. Kinamayan niya n̄g boong higit si Dolores at dinamdam naman nito ang katuturan noon. M̄ga titig nila ang nagpalitan n̄g damdamin n̄g kanilang dibdib.

Doon natapos ang masayang gabi.

[27]

## II

[Nilalaman]

### HINDI NAPAWASTONG PAGTITIYAP

Doon sa kabilang dulo n̄g daang Sagat, sa hanay din n̄g inuuwian n̄g mapanghalinang si Dolores, ay dalawang lalaki yaong ipinagtatanong si Beteng. Sa isáng magandang tahanan, doón silá pumanhík, sapagka’t yaón ang itinuro sa kanilá n̄g napagsanggunian.

—M̄ga kaibigan—ang buhat sa itaas ay kanilang narinig—tulóy kayo, tulóy kayo....

—Magandang araw po mang Beteng—ang bati namán n̄g dalawá.

Silá’y pumanhík at ginanáp ang karaniwang kumustahan. Matapos ilapat ni Beteng ang pinto ay nagsaad n̄g ganito:

—Malaking suliranin ang gumuguló sa isip ko, kaya inabala ko kayong ipinatawag. Sa inyong pan̄gan̄gailangan ay nalalaan namán ako.

[28]

—Salamat po—ang salo ni Pastor na isá sa m̄ga panauhin.

—Sapagka’t kayo’y inaári kong m̄ga kapatid ay sa inyo ko dapat ipagtapat.

—Ipatuloy mo po—ang pakli ni Simón, na kasama ni Pastor.

—Malaon nang ang puso ko’y pinapagdudusa ni Dolores—ang patuloy ni Beteng—n̄guni’t ¡kay pait n̄g nasasapit ko!... ¡Pawang tiwali! At kagabi lamang ay hinarana namin, n̄guni’t gaya rin n̄g dati, ay pawang paglibak sa akin ang aking napala....

—Bakit po?—ang tanong ni Pastor.

—Di ba kayo pinaakyat?—ang usisa ni Simón.

—Pinatuloy kami, dili ang hindi—ang patlang ni Beteng—n̄guni’t ang pagkapatuloy

sa amin, ay siyang lalong nagbansag n̄g kaapihan ko. Opo, kaapihan, pagka't sukat bang itanóng sa akin ni Dolores na kung bakit pa raw ako sumama roon....

—Yaon po'y ugali na n̄g dalaga: lahat n̄g nais nilang sabihin ay dinadaan sa hinampo—ang putol ni Simón.

[29]

—Hindi kaibigan,—ang tutol ni Beteng—pagka't malaon n̄g kumukulili sa tain̄ga ko, na si Artemyong aking pinakikiusapang siyang umawit sa aming pagtapat doon, ay siya daw ang napupusuan n̄g babaing yaon, gayong ito ay wala namang pagibig sa kanya.

—Ganyan din po ang balita ko—ang pagayon ni Pastor—n̄guni't, kailan ma'y di ako naniwala.

—Sino po bang Artemyo yaon?—ang pagsisiyasat ni Simón.

—Ang kalihim sa Samahang “Kumilos Tayo”—ang tugon ni Pastor—yaon bang nagtalongpati sa inyong nayon noong ipagdiwang si Rizal. May magandang pan̄gan̄gatawan at....

—Yaon pala—ang salo ni Simón—Kakilala ko po yaon at ako man ay kasapi rin sa “Kumilos Tayo.” ¿Diyata't siya ang naiibigan? ¿Si Artemyo? ¿Ang artista? Aywan ko rin...—at tinapos sa iling at n̄giti ang kanyang pagkamangha; iling na nagpapahayag n̄g pagpapawalang satsay kay Artemyo, at n̄giti na nagtatanghal n̄g paglibak sa pagkatao noon.

Ang dalawang kaharap ay napatigil. Nabasa nila sa mukha ni Simón na siya ay may natatarok na lilim ni Artemyo. At di pinalagpas ni Beteng. Sinamantalá ang pagkakataón.

[30]

—Bakit po?—ang simula—¿may nalalaman ba kayong alimuom ni Artemyo?

—Sus!—ang buntong hiniñga ni Simón—¿Si Artemyo! ¿At bakit hindi ko malalaman ang kanyang lihim? Siya ay isang konduktor sa trambiya noong araw na dahil sa nahuli sa pagumit ay pinalayas tuloy n̄g empresa. Isang taong nagpagalagala sa pagbibilang n̄g bato, na kung kanikanino nan̄gun̄gutang n̄g makakain. Napasok na artista, at ang manakanakang pagtayo sa entablado ay siyang ipinagmamalaki n̄gayon. Gayong ang tinig ay tinig kanduli at kung umawit ay parang bumabasa n̄g Pasyon....

—Ha! ¡ha! ¡ha!—ang tawa ni Beteng.

—Aywan ko—ang tanggi ni Pastor—sa akin ay mabuting kaibigan si Artemyo.

—Mabuti kung mayroon—ang salo ni Simón—n̄guni't kung wala ay masama.

—Marahil n̄ga—ang katig ni Beteng—sapagka't kung makailan ko nang makasama, ni minsan man ay di pa gumasta. Maging sa pagsakay namin sa trambiya, maging sa pagkain namin n̄g sorbetes, ay ¿maanong pabalat-bun̄ga man lamang na magkunwaring dumukot sa bulsa?

[31]

—Ano ang hahanapin ninyo sa taong nagsasamantala?—ang masayang ikinabit ni Simón.

—Hindi gayon—ang tutol ni Pastor at hinarap si Beteng—Kayo ang nagaanyaya sa kanya ay talagang kayo ang dapat gumasta. Salamat at di kayo sinisingil sa kanyang abala at pagod....

—Mang Pastor!—ang tugon ni Simón—¿pinagtatanggol ba ninyo si Artemyo?

—Hindi po. Ipinaaalaala ko lamang ang ipinaguutos n̄g dakilang asal.

—At ¿kami pa pala ang lumalabas sa magandang ugali?—ang usisa ni Beteng.

—Hindi ko po sinasabi ang gayon—ang salag ni Pastor—n̄guni't ipinagugunita kong sa bibig n̄g m̄ga lalaki ay alan̄gang maglaro ang buhay n̄g kapuwa. M̄ga babai lamang ang naguututang dila. M̄ga musmos lamang ang nagn̄gun̄gusuan.

—How! ¡pshe!—ang putol ni Simón—Talaga pong si Artemyo ay lahi n̄g taksil: siya'y kapangpan̄gan.

—Tama. Iyan ang totoo—ang dugtong ni Beteng—pinapaghahari ang kanyang pagkakapangpan̄gan.

[32]

—M̄ga kaibigan—ang mainit n̄g saad ni Pastor—¿Huwag ninyong hamakin ang kanyang lahi! Kapangpan̄gan man at Tagalog ay iisa n̄g uri, at ang sumira n̄g pagiisang iyan, ay yaon ang taksil na dapat pan̄gilagan. Ang taong pumapatay n̄g pagdadamayang n̄g Pilipino ay yaon ang kalaban n̄g bayan. Ang kalulwang

nagtatanim n̄ pagiirin̄an ay siyang uod na sumisira n̄ laya at pagasa n̄ lahat....

—Matutulis pong salita iyan!—ang pakli ni Simón.

—Nakasusugat ka po!—ang dugtong ni Beteng.

—Hindi, m̄ga kaibigan—ang ganti ni Pastor—kailan ma’y di ko magagawa ang sumugat sa kapatid. N̄guni’t, oo; makikipaglaban ako sa kanino mang nagbibinhi n̄ pagiirin̄an. Ang buhay ko’y aking itinataya lubha pa’t ang pagiirin̄an ay ipupunla dahil lamang sa inggit sa isang lalaking kinakandong n̄ palad....

—Na sa ibang bahay ka po!—ang paalaala ni Beteng—huwag ninyong lubusin ang pagalipusta sa m̄ga kaharap.

[33]

—Sa bahay na pinaghaharian n̄ dilim ay doon ko dinadala ang ilaw!—ang matapang na sagot ni Pastor.

—Pawang kaululan ang sinabi ninyo!—ang tumbas ni Simón.

—Utang na loob ay manaog na kayo—ang taboy naman ni Beteng.

Tumayo si Pastor n̄ boong pagn̄in̄gitn̄git. Ang malas niya’y naglalagablab. Maliksing kinuha ang kanyang sombrero at anya’y:

—Dapat ninyo akong itáboy; dapat ninyo akong turang ulol; sapagka’t ang gurong nagtuturo ay talagang kalaban n̄ m̄ga musmos na tinuturuan.... Nakilala ko na kayó ay dapat namán ninyó akóng makilala.... Paalam sa inyo n̄guni’t alalahaning ako’y natatalaga sa ano mang mangyayari....

Titig lamang ang isinagot n̄ dalawa. Kaya’t pumanaw na nagpuputok ang dibdib ni Pastor. Samantalang nawawala ang kanyang yabag ay patuloy sa pagwalang imik ang dalawang nilisan.

—Mang Simón—ang mana’y saad ni Beteng—yumaong galit na galit ang abogado ni Artemyo.

[34]

—Walang kailan̄an—ang tugon nito—¡Ibabagsak natin sila!...

—Iyan ang kanina pa’y inaantay kong pumilas sa inyong labi....

Kumuha n̄ kahon n̄ tabako si Beteng at inalok ang kaharap. Kapwa sila nagsuso at minsang pinagbuti ang upo. Bago naganasang marahil ay yumari n̄ paghihiganti. Panahon lamang ang makapagbubungkal n̄ lihim.

Isang mahigpit na kamayan ang tumapos n̄ salitaan. At taglay ang galak n̄ pagasa na naghiwalay ang dalawang nagtiyap.

[35]

[Nilalaman]

### III

## MGA HALIK NG PAGIROG

Nagbaban̄guhang sampagita, bulaklak na nagpuputían, yaong tinutuhog ni Dolores, sa halamanan nila. Nagiisa siyang noon ay nagaaliw at pinalilipas ang mapanglaw na hapon. Sa isang upuang kawayan ay doon pinagbuti ang pagyari n̄ isang kuwintas. Ang samyo na idinudulot n̄ m̄ga ilang-ilang, ay sumusuob sa mabining dalaga. Marahan namang humahalik sa kanyang m̄ga p̄sn̄gi ang simoy n̄ han̄ging nagmumula sa bukid. Samantalang sa kanyang ulunan, ay namamaypay ang masingsing dahon n̄ kamuning.

[36]

Ang dilag ni Loleng noon ay lalong tumingkad kay sa dati. Bagay na bagay ang bagong gayak sa mayamang ganda n̄ kanyang pagka binibini. Sa biglang malas lamang ay mahuhulaan nang siya’y bago pa lamang dumudun̄gaw sa pinto n̄ pagibig. At upang patotohanang naninibago ang kanyang puso sa pagtibok n̄ buhay sa pagkadalaga, ay masayang umaawit at sinasamyo ang mapapalad na sampagita.

—Kay ban̄go ninyo!—ang di napigilang wika at nilan̄gap ang samyo n̄ kanyang tinutuhog—¡Kay puti ninyo! ¡Kay dunong n̄ Diyos!...

Siya rin ang sumagot:

—Talagang kayo ay pinagyaman n̄ kalikasan! ¡Walang haring makapagsusuot n̄

inyong gayak! ¡Sutla na di nilikha n̄ kamay! At ¡puti, puting parang busilak!...

Dinugtunġan pa rin:

—Hindi lamang iyan ang inyong yaman. Sa samyo, banġo, halimuyak, ay kahanay kayo n̄ mġa panġunahing bulaklak na ipinagmamalaki n̄ katalagahan....

Tinapos sa:

[37]

—Sa ulo, batok, at dibdib n̄ mġa dalaga sa Silanġanan, ay ginagamit kayong palamuti, katimbang n̄ rubi, perlas, at brilyante n̄ mġa dalaga sa Kalunuran. Yaon ay binibili n̄ daan, libo, o yutang salapi, n̄uni't kayo ay ipinagpapalit sa isa o dalawang sentimos lamang. ¡Kay taas n̄ agwat n̄ halaga! Gayon ma'y lalong matayog ang inyong uri. Sila'y nagagamit lamang n̄ nakaririwasa, samantalang kayo ay pinakikinabanġan n̄ lalong dukha at n̄ lalong mayaman. Ikinahihiya silang igayak n̄ mġa dahop sa salapi, datapwa't kayo ay ikinararanġal n̄ lahat....

At malaong nilanġap na naman ang mapapalad na sampagita. Mana'y pinanood at kinausap:

—Gaano man ang inyong yaman, gaano man ang inyong dilag, ay di ko rin ipagpapalit sa inyo ang aking pinakamamahal sa buhay, ang giliw n̄ puso ko, si Artemyo n̄ aking pagibig....

Isang halik ang biglang lumagot sa kanyang panġunġusap; halik na tumunog sa kanyang pism̄gi; halik na kaunaunahang idinulot n̄ pagibig. Nagulat at napalinġon ang ating dalaga. Subali't napatunġo na lamang at pumatak ang luha, noong mapagtanto niyang si Artemyo pala ang nagbigay n̄ ligalig.

[38]

—Loleng!—ang bati nito—napoot ka yata....

—Di ko akalain...!—ang tugon naman n̄ binibini.

—Huwag; huwag kang magalit. Tinugon ko lamang ang utos n̄ aking pagsintá. Kanina pa ako rito na nagsusubók sa iyo. Napanood ko ang lahat n̄ iyong ikinilos. Ang puso ko'y nilanġo n̄ tamis. At nakagawa tuloy n̄ kalapastanġanan....

Patuloy sa pagkatunġo ang binibini. Nahihiya o napopoot mandin sa nangyari. Talagang gayon ang dalagang Tagalog. Malambinġin n̄uni't matampuhin. Magiliw datapwa't maselan. Sa di pagimik ay sarisaring katuturan ang maipalalagay.

—Loleng—ang muling saad ni Artemyo—kahapon lamang binihis mo ang aking puso, n̄gayon ay muli na namang pagdudusahin. ¡Kay sawing palad ko!...

Hinawakan ang kamay ni Loleng na may hawak na sampagita. Naupo sa piling nito at sinapupo sa likod ang dalaga n̄ kaliwang kamay. Bago nagpatuloy:

[39]

—Napakawalang awa ka! Parang tinakaw mo lamang ako sa galak. Mabuti pang di hamak ang di ako pinanġakuan n̄ pagibig, kay sa naturang giliw ay nilulunod sa kapighatian....

—Ikaw ang may sala—ang marahang patlang ni Dolores—¿hindi ba kahapo'y isinumpa mong ako'y iyong igagalang?

—Tunay. At siya ko namang ginaganap...

—Paggalang pala ang iyong inasal!

—Hindi ba?

—Paglapastanġan!

—Na naman!

—At di ba pagapi sa danġal?

—Loleng, huwag mong isaloob ang gayon. Ang paggalang ay kapatid n̄ pagibig. May halik ang paggalang at may halik ang pagibig. Ang halik n̄ paggalang ay idinadampi sa damit, sa paa, ó sa kamay. Ang halik n̄ pagibig ay sa noó, sa pism̄gi, ó sa kapuwa labi inilalagak. Pumili ka n̄gayon; ¿alin ang ibig n̄ Loleng ko?

—Ang halik n̄ paggalang—ang masaya nang tumbas n̄ binibini.

[40]

—Loleng, ¡lalong napopoot ka! Hagkan ko ang iyong damit ay tuturan mong kita'y nilalaro. Hagkan ko ang iyong paa, ay sasabihin mong kita'y inuuyam. Hagkan ko ang iyong kamay ay isasaad mong kita'y binibiro....

Isang n̄giti at isang titig ang iginanti n̄ pusong nagtampo. Nagpalaot naman si Artemyo.

—Sapilitan, irog ko, na ang pipiliin mo ay ang halik n̄ pagibig. Siya kong ginanap, tanda n̄ aking pagmamahal. Doon ay kalakip na rin ang paggalang na aking ipinan̄gako kahapon.

—Lahat n̄ matwid ay na sa iyo!

—Sapagka't ako ay taong may katwiran....

—Sinun̄galing!...

Isang malakas na tawag na “Loleng” ang gumambala sa paguulayaw n̄ dalawa. Yaon ang makapangyarihang tinig ni kapitana Martina. Lumin̄gon ang tinawagan, bago nagpaalam sa kasi:

—Artemyo, tinatawag na ako n̄ Tiyang.

—Lilisanin mo ba ako?—ang lambing naman n̄ binata.

—Pumanhik tayong dalawa.

—Baka di maganda ang gayon?

[41]

—Mauuna ako't sumunod ka mamiya.

—Mabuti pa.

—Aantabayanan kita?

—Asahan mo.

At tumalikod ang binibini matapos ihandog sa giliw ang isang kumpol n̄ sampagita. Handog na waring walang katuturan, n̄uni't minahal ni Artemyo. Sapagka't yaon ay nilagakan muna n̄ isang halik n̄ kanyang pinopoon. At sinasamyong n̄ binata samantalang pinanonood niya ang pagyaon ni Dolores.

Noon nama'y naglilikom na n̄ liwanag ang ilaw n̄ sangdaigdig. Ang dilim ay marahang nagbubuka n̄ pakpak. Nagsisimula na n̄ pagawit ang panglaw at lungkot n̄ gabi. Mana'y marahang namumukadkad sa kaitaasan ang m̄ga sampagita sa bukid n̄ Diyos, iyang m̄ga bituing nagpapagunita n̄ luwalhati sa kabilang buhay.

Malaong sandali pa ang lumipas, bago narinig ang:

—Magandang gabi po—na patao ni Artemyo upang tumupad sa pan̄gako.

—Magandang gabi po naman—ang pakunwaring salubong ni Dolores—Tuloy kayo....

[42]

Pumanhik ang panauhin at nagtuloy sa salas. Doon ay inabot niya si kapitana Martina. Nagbigay n̄ galang at payapang naupo. Si Dolores naman ay naupo na rin. Ito ang nagbukas n̄ salitaan:

—Saan po kayo nanggaling?

—Doon po sa bahay.

—N̄gayon lamang kayo naligaw dito ah—ang pan̄gatlo ni kapitana Martina.

—Bakit naman po?—ang tutol n̄ binata.—Noong lamang isang linggo ay narito kami.

—Siya n̄ga pala—ang patalo na n̄ kapitana—at noon n̄ga pala kayo nagharana. Hanggang n̄gayon ay di ko pa nalilimot yaong inawit ni mang Huwan na *ayaw ko sa intsik...*

At tinapos sa halakhak. Tawa rin ang itinugon n̄ dalawang kapulong.

—Bakit po ba hindi ninyo kasama noon si mang Beteng?—ang usisa n̄ binibini.

—Ayaw na pong makibarkada sa amin—ang tugon ni Artemyo.

[43]

—Kung ilan nang haranahan iyan na di nakakasama yaon eh....—ang katig n̄ kapitana.

—Napupuna ko n̄ga rin—ang dugtong n̄ dalaga.

—At ǂbakit di mo mapupuna?—ang biro n̄ ali—sa iyon lamang ang itinatan̄gi mo....

—Ang Tiyang naman!—ang tanggi ni Loleng.

—Ehem!—ang salo ni Artemyo.

—Siya; kung ayaw ka n̄g itinatan̄gi ay minamahal...—ang dugtong n̄g kapitana.

—Nagkatabas tuloy!—ang tawa n̄g binata natin.

Isang makahulugang irap ang inihagis n̄g dalaga kay Artemyo. Ginanti naman nito n̄g isang titig. Ano pa't m̄ga mata ang pinapagusap. At sa mukha nila ay nababasa ang pagkainip sa matandang kaharap. Salamat at ito ay mapagbigay at nataunang nanalo noon sa pangginge; kaya malamig ang ulo at binigyang panahon ang dalawang puso upang magulayaw. Lumabas ang kapitana at nilisan ang m̄ga kausap. Lumaya ang dalawang pusong nagtatalik sa galak.

—Waring hindi batid n̄g ali mo ang ating lihim?—ang saad ni Artemyo.

[44]

—Hindi, at magin̄gat ka—ang tugon ni Dolores.

—Naparito na ba si Beteng?

—Oo. Di ko pa pala naibabalita sa iyo na sila ay nagharana rito.

—Kailan?

—Noong Huwebes n̄g gabi.

—Sino sino sila?

—Wala akong nakilala; n̄guni't sa inyong magkakasama noong araw, ay si Beteng lamang ang kasama.

—Nagsarili na!

—Hindi lamang iyon. Sumulat pa sa Tatay na ikaw daw ay alipin lamang. Nagsisilbing-kanin ka raw sa kanya, kaya di ka dapat tanggapin dito.

Napipi at namutla sa galit ang nabiglang binata. Ang binigkas na yaon n̄g kanyang kasi ay naging matunog na kulog sa kanyang pangdinig. Siya ay nangliit. Aywan kung inapi n̄g kahihyan ó sinupil n̄g poot. Datapwa't sa pagyaon n̄g ilang sandali ang mukha niya'y naging maamo. Tulad sa nagkasalang humihin̄gi n̄g tawad.

—Salamat na lamang—ang patuloy n̄g dalaga—at ako ang nakatanggap. Kaya, ni ang Tatay, ni ang Tiyang, ni sino pa man dito, ay walang nakabatid.

[45]

—Nahan ang liham?—ang mana'y usisa ni Artemyo.

—Sinunog ko.

—Bakit mo sinunog?

—Sapagka't gawa n̄g taksil.

—Di mo na ipinabasa sa akin?

—Baka pa matunghayan n̄g iba.

—Bakit mo nalamang sulat niya?

—Dahil sa may lagda.

—Nilagdaan!

—Maniwala ka.

—N̄g pan̄galan niya!

—Tunay.

—Kay tapang!

—Duwag, ang sabihin mo.

—Sayang at di ko nakita!

—Huwag na.

—Nananalig ka naman?

—Hindi! ;Hinding hindi!



—Bakit?

—Sapagka't walang katotohanan.

—Totoo yaon!

—Ano sa akin?

—Tapat ang sumbong niya.

—Walang ano man.

—Paniwalaan mo!

—Ipalagay mong ako'y naniniwala. Maging totoo nang busabos ka niya, ¿ano n̄gayon? ¿Ang pagibig ba'y nahahadlan̄gan n̄g m̄ga bagay na iyan?

—Dolores!

—Kung ang pagirog mo ay naigigiba n̄g inggit at imbot, ang pagibig ko ay hindi. Matibay. Kasingtibay n̄g moog. Kamatayan lamang ang makapagwawalat.

—Bulaan!

—Masusubok mo rin.

—Nasubok ko na. Sa isang halik lamang ay pinatulo mo na ang iyong luha....

—Sapagka't nalunos ako sa aking pagkadalaga.

—Di lalong malulunos ka sa palad mong tatamuhin n̄g isang busabos?

—Kabila man n̄g busabos, kung iniilog ko at minamahal, sa akin ay daig pa ang haring na sa trono n̄g luwalhati.

—Diyata?

—Tunay.

—Ang katunayan?

—Kinamit mo na.

—Yaon bang tinamo sa lakas-loob; halik na itinan̄gis n̄g hinagkan, ay siya mong patunay?

—Sapat na yaon.

—Ang pagibig ay walang kabusugan!

—Hindi pa panahon.

—Lahat n̄g sandali ay dapat pakinaban̄gan.

—Sa iba nang pagkakataon.

—Naipagpapaliban pala ang sanla n̄g pagibig....

At tinapos sa pagpisil n̄g kamay n̄g binibini. Tumayo ang binata at naglin̄gon-likod. Ang dalaga ay kinabahan at umiwas na:

—Hayun ang Tiyang!

—Mamatay na tayo!

At boong tapang na inilagda ni Artemyo ang pan̄galawang halik n̄g pagirog sa mapulang pisin̄gi ni Dolores. Ito ay nagitla, subali't nang matiyak na di sila napuna n̄g kapitana Martina ay magiliw na nagsabing:

—Pan̄gahas ka rin!

—Kay palad ko n̄gayon!—ang galak ni Artemyo—Sa gabing ito nahawi ang dilim n̄g aking pagasa. Nababanaag ko na ang liwayway n̄g aking kapalaran. Datapwa't, Loleng, Loleng, huwag ka sanang padadala sa dila n̄g m̄ga umaagaw n̄g aking dan̄gal....

—Hindi, at isinasamo ko sa iyong huwag mo nang mababanggit kay mang Beteng ang liham niya sa Tatay.

—Asahan mo.

[46]

[47]

[48]

—Ilagan mo sana ang sigalot.

—Huwag kang magalaala.

—Talagang gayon ang kalulwang sawi sa pagibig. Parang ulol na di nalalaman ang ginagawa. Awa ang dapat ihandog sa kanila.

—Siyang totoo.

—Naku, sukat bang siraan ka! At sira pa namang kahahalataan n̄ pagkaimbi....

—Kay pan̄git!

—Sawing palad na lalaki!

Ang orasang nakasabit sa dakong itaas n̄ pinto, ay nakisagot din. Walong pantig n̄ kanyang batingting ang pinaltik. Ang oras n̄ pagaalaala sa m̄ga kalulwa sa purgatoryo'y siyang ibinansag.

—Ika walo na pala!—ang saad ni Artemyo na dinukot at minasdan ang kanyang orasan.

—Ay ¿ano kung ika walo na?—ang putol ng dalaga—¿naiinip ka ba?

—Naiinip? ¿Mainip ako sa piling mo? Loleng, kung makukuha ko lamang ang aking puso, at ihaharap ko sa iyo, ay makikita mong sabik na sabik sa iyong dilag at pagmamahal. Nais ay matali na sa puso mo kung mangyayari...

[49]

—Bulaan!

—Hindi. Talagang wala akong pinapan̄garap, kung di ang pagbabagong buhay natin. Maging malaya tayo sa pagduduyan sa tuwa... N̄guni't samantalang di pa namimitak ang ating araw, ay sumunod na muna tayo sa palakad n̄ panahon.

Hindi tumugon ang dalaga sapagka't noon ay sa susun̄gaw sa pinto si kapitana Martina.

—Maalaala ko pala—ang wika nito—huwag kayong mawawala sa isang linggo, at ating ipagdidiwan̄ ang kaarawan ni Loleng.

—Sa isang Linggo po?—ang tanong ni Artemyo.

—Sa ika 21 n̄ kasalukuyan—ang salo naman n̄ dalaga.

—Bulaklak n̄ga pala kayo n̄ Mayo—ang pagpuri n̄ binata.

—Kaya po kasingganda n̄ kanya—ang dugtong n̄ kapitana.

—Ang Tiyang naman!—ang hinampo ni Loleng—para pa tayong taga Palanyag.

—Kung ayaw ka n̄ kanya ay asusena. Kung ayaw ka n̄ asusena ay sampagita. Kung ayaw ka n̄ sampagita ay rosal. Alin man ang iyong piliin ay bagay sa iyong kagandahan—ang pagtatanggol n̄ kapitana na lubhang nawiwiling biruin ang kanyang alaga.

[50]

—Siya n̄ga—ang ayon ni Artemyo.

—Siya na kayo—ang salag ni Dolores.

Napatigil ang salitaan sapagka't noon ay may narinig silang yabag. Ilang sandali lamang na nagdiwang ang pananahimik at napagsino na n̄ tatlo. Tinig ni kapitang Andoy ang kanilang napansin. Hindi nagkabula ang palagay. Sumipot sa pinto ang matanda. Sinalubong naman ni Artemyo n̄ bati n̄ paggalang.

—Nakasabay ko po n̄gayon si mang Beteng—ang balita nito.

—Saan?—ang usisa n̄ kapitana.

—Sa trambiya—ang patuloy n̄ matandang Andoy—at sinabi sa aking magdadala siya rito n̄ komparsa sa araw mo Loleng.

—Ehem! jehem! jehem!—ang tikim n̄ kapitana.

Nagtitigan naman ang dalawang pusong naglilihim. Bago nagn̄gitian n̄ n̄giti n̄ kasyahang loob.

—Hindi raw ikahihiya sa m̄ga panauhin ang kanyang dadalhin dito—ang dugtong pa n̄ nagbalita—marahil daw ay m̄ga labing anim katao.

[51]

—Kay dami! ¡Talagang panġatawanan!—ang tuwa nġ kapitana—Kayo mang Artemyo, magdala rin kayo.

—Na naman ang Tiyang...—ang hadlang nġ dalaga.

—Ito nġa naman—ang habol nġ kapitang Andoy na hinarap ang mapagsisteng asawa.

—Susubukin ko po—ang tugon naman nġ binata.

—Baka matuloy!—ang pakli nġ kapitana—Biro ko lamang iyon.

—Titingnan ko rin po—ang saad ni Artemyo na napapasubo.

—Huwag na—ang pigil naman ni kapitang Andoy—sapagka't sapat na ang dadalhin ni mang Beteng. Bakit nababalitaan kong waring may bigat nġ loob sa inyo, ay baka kung ano pa ang ipakahulugan noon.

—Siya nġa—ang ayon ni Dolores.

Hindi nakasagot si Artemyo. Namutla at napipi. Sumikdo ang loob. Marahang sumusubo ang pagnġinġitnġit. Titig na lamang ang ipinukol kay Dolores. Ito naman na nakaramdam nġ kagipitan noon ay sinamantala ang pagtatanggol sa giliw. Anya'y:

—Dumalo na lamang kayo at isama ninyo ang inyong mga kaibigan.

—Maaasahan po—ang pakli nġ binata.

—Baka di kayo sumipot?—ang habol nġ kapitana Martina.

—Baka panġakong napako iyan—ang salo naman nġ kapitang Andoy—bakit na sa Pako pa naman tayo.

—Hindi po—ang sagot ni Artemyo—maaasahan po ninyo.

At tumayong kinuha ang kanyang sombrero bago nagpaalam.

—Aalis na ba kayo?—ang saad nġ kapitana.

—Maaga pa naman—ang dugtong nġ kapitang Andoy.

—Mayroon pa po kaming paroroonan—ang pakunwari nġ binata.

Kinamayan ang tatlong lilisanin. Nanaog na nalulunod ang puso. Sumisinghap sa tuwa at sumisinghap sa galit. Naluluoy sa tuwa dahil sa pagtatamo nġ halik nġ pagirog. Nilalagnat sa galit dahil sa paninira ni Beteng. Gayon ma'y tahimik na yumaon ang kalulwang itinaguyod nġ mapalad na pagkakataon.

#### IV

### MASIGASIG NA KILOS NI PASTOR

—Mga kaibigan—ang bati ni Pastor sa mġa kasamang kanyang inabot sa isang kamalig sa daang Penyapransiya, doon din sa Pako, na nagsasanay nġ pagtugtog—ġkayo yata ang dadalhin ni Beteng sa bahay nila kapitang Andoy?

—Oo—ang tugon nġ may bigwela.

—Utang na loob ay huwag kayong sumama—ang patuloy ni Pastor—at ibitin ninyo sa kahihyan ang taong yaon...

—Bakit?—ang sambot nġ may gitarra.

—Mangyari ay kung ano anong paninira ang ginagawa kay Artemyo—ang tugon nġ Pastor—at kayo ay dadalhin doon upang patunayang lalong malakas siya kay Artemyo. ġYaon ba ay gawa nġ kasama?

—Ang lagay pala ay nagkagalit sila ni Artemyo?—ang usisa nġ nakasalamin.

—Oo—ang paliwanag ni Pastor—at ang pinagmulan ay dahil kay Dolores.

—Ano ang nangyari?—ang pagkamangha nġ lahat.

Lumingon muna si Pastor, bago sumagot:

—Lubhang katawatawa.

—Bakit?—ang pagkasabik ng ilan.

—Makinig kayo—ang patlang ni Pastor.

—Si Artemyo ay palaging niyayaya ni Beteng upang haranahin si Dolores, dahil sa ito ay artista at may mayamang tinig. Siya, si Artemyo, ang palaging pinaawit sa kanilang pagtapat. Nguni't si Dolores ay di rin mahabag sa kaawaawang Beteng. Ang pista pa nito ay si Artemyo ang napusuan. Ano pa't ang tulay ay siyang naibigan.

—Aha!—ang pagtataka ng may dalang biyolin.

—Siya nga—ang ayon naman ng may hawak na gitarra—at noong magharana kami noon araw doon, ay umalis iyang si Beteng nang hindi man lamang nagpaalam sa amin.

—Nakahalata marahil!—ang hatol ng may katandaan na.

—Nakita na ninyo?—ang habol naman ni Pastor—Pati kayo ay hinahamak gayong nangungutang lamang ng loob.

—Ano ang magagawa natin sa taong walang turing?—ang tanong ng may hawak ng bigwela na malaon na yatang may poot kay Beteng.

—Gayon pala! ¿Bakit pa kayo sasama sa kanya?—ang ulos ni Pastor.—  
Ipagmamalaki lamang kayo at pagkatapos ay diyana kayo...

—Bakit naman pumatol si Artemyo?—ang usisa ng isa.

—Tao namang ito!—ang agaw ng kasamahan din—¿May manok bang tumanggi sa palay?

—At ¿ano naman ang dapat itawag sa lalaking iniibig ng babai ay nagwawalang bahala?—ang tanong ni Pastor.

—Binubai!—ang maagap na salo ng may katandaan.

Isang matunog na halakhakan ang pumutok.

—Samakatwid—ang hadlang ni Pastor—ay tumupad lamang si Artemyo sa kanyang tungkulin upang huwag matawag na binabai...

—Katwiran—ang hatol ng marami.

—Bakit nagagalit si Beteng at sinisiraang mabuti si Artemyo?—ang tanong pa rin ni Pastor.

—Paano'y naagawan ng tuson!—ang salo na naman ng mapagsiste.

Panibagong halakhakan na naman.

—Isang sagot ngayon mga kasama—ang saad ni Pastor—¿sino ngayon ang dapat samahan, si Artemyo ó si Beteng?

—Bakit ba? ¿Magdadala rin ba ng komparsa si Artemyo?—ang usisa ng isa.

—Binabalak ko sana—ang tugon ni Pastor—pagka't totoo akong nasakitan noong sabihing si Artemyo raw ay taksil dahil sa kapangpangan...

—Sinabi ni Beteng ang gayon?—ang pandidilat ng isang kapangpangang bandurista.

—Maniwala ka kasama—ang patigas ng tinanong—at kaya sinabi ang gayon ay dahil sa nabigo sila sa akin. Ako'y inamuki nila ni Simon, upang agawan ng danjal si Artemyo, datapwa't nagkagalit lamang kami sapagka't di ako pumayag...

—Sa inyo ako sasama—ang pagkukusa na ng banduristang kapangpangan.

—Ako man—ang habol ng may hawak na biyolin.

—Ibilang na rin ninyo ako—ang sunod ng may plauta.

—Welga na tayong lahat—ang sabi naman ng isa.

—Welga! ¡Welga! ¡Welga!—ang sagutan na ng lahat.

[55]

[56]

[57]

—Mabuhay si Artemyo!—ang sabi naman ni Pastor.

—Mabuhay! ¡Mabuhay! ¡Mabuhay!

At tumugtog sila n̄ isang masarap na tugtugin, tanda n̄ tagumpay ni Artemyo. Galak na galak naman si Pastor. Samantala’y nagpapaindayog na mabuti ang tinig n̄ biyolin.

Natapos ang pamamayani n̄ bigwela at ang bibig na naman ni Pastor ang narinig.

—Upang malubos ang ating galak ay huwag ninyong sasabihin kay Beteng na hindi na kayo sasama sa kanya.

—Siya n̄a—ang ayon n̄ iba.

—Ang sarap niyan ay magaantay siya n̄ wala!—ang salo n̄ isa.

—Gayon ang dapat sa taong umaagaw n̄ danġal—ang katig ni Pastor—Ibitin sa kahihyan. Isubo sa kaġipitan.

[58]

—May balita pa akong nilalakad daw ni Simon na si Artemyo ay alisan n̄ tungkulin sa “Kumilos Tayo”—ang saad n̄ isang kanina pa’y ibig maglahad.

—Iyan ay pakana ni Beteng—ang sagot ni Pastor—¿Ano raw ang dahilan?

—Sarisari—ang salo n̄ tinanong—Hindi raw dapat bigyan n̄ tungkulin dito ang isang dapo lamang. Kabagongbago raw dito, ay nais nang lagpasan ang m̄a kanayon. Isang bata raw lamang ay ibig nang maghari. Kung minsan ay sinasabing mapagsamantala raw. Ang salapi raw n̄ Samahan ay kinukupit. Marami at napakarami pa ang dunġis na ipinupukol sa mukha ni Artemyo.

—Narinig na ninyo!—ang saad ni Pastor—Linawin natin: hindi raw dapat bigyan n̄ tungkulin ang isang dapo. Katwiran, n̄uni’t ¿bakit nila natitiis ang m̄a dapong naghahari sa ating bayan? At ¿dapo ba si Artemyo? ¿Ano kung kapangpanġan siya? ¿Hindi ba pilipino rin? ¿Maaari bang magsarili ang Tagalog nang ang Kapangpanġan ay hindi? ¡Napakarupok na pagkukuro! Ang masasabi ko’y nakikilala nila ang dapong kapatid din nila, datapwa’t hindi nila nakikilala ang tunay na dapong dito ay tumawid. Kung nakikilala man ay kinatatakutan. Ngayon at kalahi ay halos sakmalin. N̄uni’t kung maputi, kahi’t na lumapastanġan, ay n̄iningitian din. Sinusurot, dinuduro at pinamumukhaan ang kabalat, subali’t ang dayo ay saka lamang mamura kung nakatalikod....

[59]

—Siyang totoo—ang tanġo n̄ ilan.

—Kabagongbago’y nais nang lagpasan ang m̄a kanayon?—ang dugtong ni Pastor.

—Pasalamat tayo at hindi pa man ay nagpapakita na n̄ lakas at magagawa. Kung kaya siya lalagpas sa taga rito, ay sapagka’t dapat siyang lumagpas. Ano man ang gawin ni Artemyo, kung talagang magaling sila, ay sila rin ang mamaibabaw. Ang iba pang dahilan ay pawa nang paninira na m̄a isip-lamok lamang ang mananampalataya....

—Ang inggit ay talagang nakalilikha n̄ sarisaring paninira—ang payo n̄ may katandaan.

—Kaya matakot at manġilag tayo—ang ayon n̄ iba.

—Walang sasama kay Beteng—ang paalaalang muli n̄ banduristang kapangpanġan....

[60]

—Wala! ¡Wala! ¡Wala!—ang ayon n̄ lahat at pinamayani na naman ang kanilang m̄a hawak na kilabot n̄ panglaw, taga taboy n̄ lungkot at lumilikha n̄ tuwa: ang biyolin, bigwela at bandurya.

[61]

[Nilalaman]

## V

### ¡WALANG SALA! ¡ANG TAGUMPAY AY ATIN!

Maligayang umaga noon. Sa Looban, daang tumutumbok sa malaking pagawaan n̄ tabako, ay maraming kawal n̄ pawis ang nagmamadalían. Sa una’y langkay n̄ m̄a babai; sa dako roon ay nagsusumugod na m̄a lalaki; sa dako rito ay sunodsunod na may m̄a kagulanġan na; at sa huli ay m̄a dalaga at binatang

pawang nagtatalik sa galak. Walang alinlanḡang sarisaring bagay ang napaguusapan. Minsan ay may nagtatalumpati sa pagtatanggol sa kanyang ipinaglalaman. Minsan ay pumutok ang halakhakan. Ganyan ang mapupuna sa alin mang pangkatin.

[62]

Sa karamihan ay may namumukod na dalawang lalaki. Ang isa ay may magarang gayak; pulus na puti ang suot at korbatang sutlang granate ang nakatali sa liig. Isang sombrero kalasyaw ang nakatakip sa ulo, na lalong nagbibigay ganda sa mayamang tabas nḡ mukha. ¡Kay kintab nḡ sapatos na abelyana! At ¡kay lapad nḡ liston! Sa bikas at pananamit ay nagbabansag nḡ kalwagan sa buhay. Samantalang ang isa ay nakabarong intsik lamang. Lumang luma na ang pahang sunong. At isang tsinelas na kupas na ang kulay ang nagtatanggol sa paa. Naglalarawan nḡ karalitaan. Yaon, ang makisig, ay ang binatang Beteng. At ito ang anak-dalita, ay si Simon. Sa agos nḡ mḡa manggagawa sa Tabakalera ay napaanod sila.

—Sa linggo na ang araw ni Loleng—ang sabi ni Beteng kay Simón.

—Oh, ¿handa na po ba ang komparsa natin?—ang tanong naman nito.

—Hindi ko nḡa po matiyak kaya ko po kayo inabanḡan.

—Bakit po?

—Mangyari’y naparoon ako kagabi kina Dolores ay ibinalita sa akin ni kapitana Martina, na si Artemyo raw ay nanḡako rin nḡ komparsa.

[63]

—Lalong magaling. Nḡayon tayo magsusubukan nḡ gilas. Upang makilala ang inyong katayugan kay Artemyo ay dapat kayong iyagapay sa kanya. Walang salang magbibigti siya sa kahihiyaan....

—Huwag tayong umasa.

—Bakit po?

—Hindi ko pa natitiyak na mabuti ang ating komparsa. Malaon ko nang kinausap sila at hindi ko na hinarap uli.

—Tiyakin mo po; at nang mapatabi ang gigirigiring iyan....

—Bah! Kung lumabas na magaling ang kanyang dala, ay ¿di naagawan tayo nḡ danḡal?

—Hindi po! ¡Magagaling tumugtog ang tao natin! Tiyakin mo po lamang ay di na kayo dapat magalaala pa.

—Baka tayo mabitin ah!...

—Sa ano pong dahilan?

—Kung di tayo siputin.

—Bakit po? ¿Nauulol ba sila? ¿Binayaran at dí sisipot? ¿Magkano po ba ang ibinayad ninyo?

[64]

—Wala pa akong ibinibigay kung hindi limang piso lamang na ibibili raw nḡ kuwerdas.

—Sa tao po, ¿magkano ang isa?

—Huwag ko raw pong alalahanin.

—Iyan ang masama. Ang mabuti ay bayaran natin; upang kung hindi sila sumipot ay magkaroon tayo nḡ bibig.

—Gayon din po ang naisip ko kagabi kaya ninais kong makausap kayo....

Isang malakas na sigaw na ¡*tabi!* ang lumagot sa salitaan. Noon ay humahagibis ang dalawang karitela na naguunahan. Ang una’y pawang dalaga ang lulan, at ang huli’y pawang binata naman.

Lumingon at tumabi ang dalawang naguusap, bago nagpatuloy si Beteng:

—Kasama rin lamang ninyo riyan sa Kompanya ang pinaka maestro nila, ay kausapin lamang ninyong mabuti kung mangyayari.

—Opo, at titiyakin ko.

—Ibigay mo po lamang ito—at dumukut sa bulsa nḡ isang papel na sasampuin—sabihin ninyong para sigarilyo lamang iyan.

—Kay dami naman!

—Daragdagan ko pa po iyan, mapuri lamang tayo ni kapitang Andoy.

—Walang sala! ¡Ang tagumpay ay atin! ¿Alin daw po bang komparsa ang kinuha naman ni Artemyo?

—Hindi ko po masabi.

—Tiyak daw po bang sisipot?

—Marahil. ¿Manġanġako ba iyon nġ papaano? Mawawalan ba nġ kakilalang komparsa iyon, ay sa siya ay isang artista.

—Hindi rin siya dapat humara sa ating dadalhin.

—At mabuti namang magdala siya, upang mapalapat ang kanyang kapanġahasang bumangġa sa tapayan.

Na sa tapat na sila nġ Tabakalera.

Kapwa sila tumigil at tumayo sa tabing daan. Noon ay dating at dating ang kawal nġ paggawa. Babai at lalaki, dalaga at bagongtao, matanda at bata, ang nagsisisipot. ¡Kay daming anak nġ pawis!

—Ano pong oras ang sasabihin kong ipagkikita natin sa linggo?—ang mana’y tanong ni Simon.

—Ika siyam nġ umaga. Doon na tayo magtagpo sa bahay nila Loleng—ang tugon nġ kausap.

[66]

—Sasabihin ko po.

—Baka malimutan ninyo?

—Hindi po.

—Baka tayo mabitin?

—Huwag mo pong alalahanin. Ako ang bahala.

—Walang sala! ¡Ang tagumpay ay atin!

Nagtuloy nġ pumasok si Simón sa malaking pagawaan. Si Beteng ay yumaon naman. Hanggang doon natapos ang usap nġ dalawang magkatiyap.

[67]

[Nilalaman]

## VI

### ANG ARAW NI LOLENG

Madaling-araw nġ linggo. Noon ang ganap na ika labing walong Mayo ni Dolores. Mula sa pinto nġ Simbahan sa Pako ay dalawang babai yaong lumabas. ¡Mġa pusong banal yata! At lumakad silang patunġo sa daang Pas. Ang maliwanag na tanglaw sa daan, ay siyang nagsabing yaon ay si Dolores kasama ni kapitana Martina. Galing silang nagsimba na pinasalamatan sa Diyos, ang masayang pagsapit nġ kaarawan ni Loleng. Ang malamig na simoy nġ hanġin, ang mġa patak nġ hamog sa damo, at ang liwanag nġ ilaw sa daan, ay siyang unang naghandog nġ maligayang bati sa mapalad na dalaga.

[68]

Dumatal sila sa bahay na ang lahat ay nagsisikilos na. Ang tunog nġ pinggan, taginting nġ kubyertos, at sagitsit nġ mantika ay siyang unang maririnig. Bago mapupuna ang banġo na isinasabog nġ hanġin: ang amoy nġ ginisa. Kung minsan ay namamaibabaw din ang iyukan nġ mġa inahin, tandang at kapon na manok. Ito ang mġa martir nġ pista. Ang lalong mainġay at di maipagkakaila ay ang iyak nġ baboy. Tatlo ang pinatay noon.

Sa kabahayan naman ay iba ang kilusan. Ang tinig ni kapitang Andoy ay siyang naghahari. Utos dito, utos doon ang ginagawa. Lagatok naman nġ mġa upuan, at lagaslas nġ dahong saging na ikinukuskos sa sahig, ay siyang sumasagot. Gayon na lamang ang paghahanda.

Sa siwang nġ mġa bundok sa silanġan ay masayang dumudunġaw ang buhang



liwayway. Marahang tumatakas ang dilim at panglaw. Ang galak at liwanag naman ang bumabanĝon. Mana'y boong ningning na sumikat ang ilaw nĝ sangkatauhan, upang batiin marahil ang dalagang sapupo nĝ tuwa sa araw na yaon.

Ang mĝa taong naglalakad sa daang Sagat, ay napapatigil sa tapat nĝ bahay ni kapitang Andoy. Pawang humahanĝa sa napakakisig na pagkagayak. Mahahalagang enkahe ang naglawit sa itaas nĝ mĝa durunĝawan. Sa gitna nito'y malapad na lasong rosas ang pinagbuhol nĝ bikas paroparo. Sa mĝa haligi nĝ kabahayan ay tungkos nĝ sarisaring bulaklak ang naglawit. Magagarang san pransisko ang halamang nagtanod sa mĝa pinto.

[69]

—Dapat nĝang pagubusan nĝ kaya si Loleng—ang wika nĝ isang napatigil—sapagka't siya ay bugtong na anak ni kapitang Andoy.

Ilang sandali pa ang nakaraan, bago sumipot si Beteng. Makisig na makisig ang binata at masayangmasaya na pumanhik.

—Kay aga nĝ buwisit na ito!—ang nasabi sa sarili ni Loleng nĝuni't masayang sumalubong—Tuloy kayo.

—Maligayang bati po—ang bunĝad na wika ni Beteng at kinamayan ang dalaga.

—Salamat po.

—Magandang araw po mang Andoy—ang paggalang nito sa kapitan.

—Tuloy kayo—ang tugon naman nĝ tinukoy.

[70]

Nagtuloy ang makisig na binata. At kung gaano ang bikas niya noong masalubong natin sa daan Looban ay lalo at higit nĝayon. Ang buhok ay hating hati at ang mukha ay pinahiran nĝ pulbos. Bagong korbata na naman ang nakabitin sa liig, datapwa't walang alinlanĝang buhat sa almasen nĝ Siyap sa Eskolta. Ang ternong lana nĝ pusong gumilas, ay siyang nagbabansag nĝ kabusugan niya sa pananalapi. Nĝuni't ang lalong kapunapuna, ay ang malalaking brilyante na nagniningning sa dibdib at mĝa daliri. «Inubos ang peseta!», ang sabi nĝa ni Dolores sa sarili. Subali't lalo siyang namangha noong buksan ang balutang dala, na anya'y:

—Aling Loleng kung kayo man ay nagagalak sa pagsapit nĝ inyong araw, ay lalo at higit ako. Ang katunayang di magkasya sa puso ko ang tuwa, ay di na matutuhan kung alin sa likha nĝ tao o likha nĝ katalagahan ang pipiliin kong ihandog sa inyong mĝa yapak. Pagyamanin mo po ang nakaya nĝ inyong lingkod.

Pandidilat nĝ mata ni kapitang Andoy; matulin na paglabas ni kapitana Martina; at isang «salamat po» lamang ni Dolores, ang tumugon sa mahabang talumpati nĝ binata. Samantalang mula sa pinto ay maraming mukha ang nakasunĝaw na sabik makakita nĝ handog ni Beteng. Yaon ang mĝa katulong sa paghahanda, at mĝa kapit-bahay na katapatang loob. Ang matandang kapitana na inip sa matagal na pagkalas nĝ tali, ay tumulong kay Beteng bago bumulalas:

[71]

—Kay ganda nito!

At itinaas nĝ kanyang kamay, ang isang alpiller na may malaking bató, saka tinitigan nĝ papikipikit pa. Ang mĝa nanonood, maging si kapitang Andoy, ay napipilan. Si Dolores naman ay pinapagpapawis nĝ panĝinĝimi. Nahihya na di maintindihan. Lalo namang sumisigla si Beteng nĝ pagtatanghal nĝ kanyang handog. Sa ibabaw nĝ mesang marmol ay inihanay na lahat upang hanĝaan nĝ nagsisitnĝin.

—Kay dami naman!—ang wika ni kapitang Andoy, nang mamalas niya ang mĝa botelya nĝ pabanĝo, ang kaha nĝ pulbos, ang magarang pulbera, ang salaming pangmesa, ang sutlang pamaypay, at ang isang dosenang panyolitong nagpuputian.

[72]

—Inubos na niyong hinakot ang tinda sa Eskolta!—ang bulalas uli ni kapitana Martina, na idinuro sa alampay ni Dolores ang mahalagang alpiller.

—Aba!—ang magkakatulad namang paghanĝa nĝ ilan. Noon lamang sila nakamalas nĝ gayong mĝa alay. At isa isang nagsilabas upang ipagpatuloy ang ginagawa.

Gayon man ang paghanĝa sa mĝa handog ni Beteng ay lugi rin siya. Oo, lugi siya, sapagka't bahagya nĝ bayaran nĝ nĝiti nĝ kanyang iniirrog. Nĝuni't palibhasa'y dalagang Tagalog, ang yumi, hinhin at kadakilaan nĝ asal, ay di rin nasusupil nĝ pagkawalang loob kay Beteng. Si Dolores ay si Dolores din. Siya rin ang dalagang mapanghalina. Ang katotohanan ay ang anyaya niya kay Beteng:

—Tayo po ay magagahan muna.

—Salamat po—ang tugon n̄g binata.

—Kung di kayo magagahan dito, ay di ko namang tatanggapin ang m̄ga handog na iyan—ang tampo n̄g dalaga.

[73]

—Naku naman!—ang n̄giti ni Beteng.

—Siya n̄ga; tayo na muna magagahan—ang dugtong ni kapitang Andoy.

—Salamat po—ang ulit n̄g binata.

—Anong salamat? Tayo na—ang salo n̄g kapitana Martina.

—Nakatapos na po—ang tanggi rin ni Beteng.

—Ay ano kung nakatapos?—ang sambot ni Dolores—Ang agahan natin ay laan sa nakatapos na.

—Busog pa po ako—ang ayaw n̄g binata.

—Hindi naman handa sa gutom ang agahan dito—ang pagtatanggol n̄g dalaga.

Natapos ang pakunwari n̄g binata sa ganap na pagsuko. At ilang sandali pa ay napanood nang humihigop n̄g sikulate at nagpapahid n̄g mantikilya sa tinapay.

—Sinapul na mabuti ang handa!—ang wika n̄g isang batang utusan na sumisilip mula sa kusina—¡Pati agahan ay tinodas na!...

—Hayop! ¡Hayop!—ang parang tugon naman ni kapitana Martina na nakahuli sa sumisilip at nilapirot ang taynga.

—Aray!... ¡aray!...—ang iyak na lamang n̄g nadakip.

[74]

Salamat sa pagdatal n̄g ilang panauhin, at binitiwang din n̄g kapitana ang nahuli. Pumasok at sumalubong n̄g boong galak. Ang dumating ay dalawang dalaga at isang binata. Tumayo si Dolores sa mesa at pinakapilit na makisalo ang m̄ga bagong panhik. Ilang sandali pa ay anim katao na yaong magkakasalo.

Sarisaring m̄ga biro, sarisaring m̄ga pagpuri ang naghari sa boong pagkakainan. Minsan ay mamayani si kapitang Andoy, at kung minsan ay mamaibabaw si Beteng. Datapwa't si Dolores ay n̄giti lamang ang inilalaban. Matagal-tagal din bago sila nagkatapos.

Noon nama'y matindi na ang sikat n̄g araw. Dating at dating na ang panauhin. Kanina ay m̄ga dalaga. N̄gayon ay m̄ga binata. Mamiya'y dalaga na naman. At marahil ay binata ang susunod. Dapat magkagayon: sapagka't araw n̄g bulaklak ay bulaklak din ang dapat magdiwang. At kung saan natitipon ang m̄ga bulaklak ay doon nagkakagulo ang m̄ga bubuyog at paroparo.

Halos sikip na ang bahay ni kapitang Andoy. Bawa't dumatal ay «maligayang bati» ang namumulas sa m̄ga labi. Datapwa't si Artemyo, ang binatang giliw n̄g ipinagdiwang, ang pusong lalong mapalad, ay di pa sumisipot. Gayon man ay di kapunapuna ang pagkawala nito sapagka't si Dolores lamang marahil ang di nakalilimot. Ang kapunapuna ay ang di pagsipot pa n̄g komparsa.

[75]

—Kapitang Andoy, wala ba tayong tugtugan?—ang usisa ni Labadre, ang kanina pa'y kantiyaw n̄g kantiyaw.

—Mayroon—ang tugon n̄g tinanong—Dalawa ang nan̄gako sa akin.

—Saan po naroon?

—Hindi pa dumarating.

—Ika sampu na po ah?

—Maaga pa.

—Baka lawit ang púsod n̄g m̄ga nan̄gakong iyan!...

—Hindi po naman!—ang pagdaramdam na halo ni Beteng.

—Biro ko po lamang iyon. Patawarin ninyo ako—at tinapos sa halakhak.

Di na sumagot si Beteng at dumun̄gaw upang tanawin marahil ang kanyang komparsa. Datapwa't wala siyang namalas at ni si Simon ay di sumisipot. “¿Bakit kaya?” ang naitanong sa sarili. Siya rin ang sumagot “Maaga pa naman.” At naupong muli na ipinako ang malas kay Dolores.

[76]

—Kay ganda n̄g lan̄git ko!—ang inipit na sigaw n̄g kalulwa. At mula sa ulo hanggang paa ay pinanooran niya, ang gumugulo sa kanyang buhay at pagkatao.

Si Dolores, kung talaga mang may katutubong ganda, ay higit at lalo pa noon. Batid niyang siya lamang ang magiging panoorin sa kasayahan, kaya bumikas n̄g dapat maging bikas. Ang damit na isinoot ay yaong talagang bagay sa kanyang ganda: kulay bughaw.

—Loleng—ang saad ni Labadre—kay dami mong kandidato ay wala na bang nagalay sa iyo n̄g tutugtog?

—Ayaw ko n̄ga niyan!—ang yamot n̄g pinagukulan.

—Hindi ba?—ang patigas ni Labadre—may artista ka, may estudyante ka, may pintor ka, may....

—Mayroon n̄g lahat!—ang patalo ni Dolores.

Tawanan at titigan ang itinugon n̄g lahat. Siyang pagsipot n̄g anim na dalagang nagpapan̄gagaw sa dilag. Ang gayak ay paraparang ternong bughaw. Yaon ay m̄ga *bituin* n̄g “Kami Naman.” Batian at kamayan ang nangyari. At naupo na naman ang lahat.

[77]

—Wala pa hanggang n̄gayon ang komparsa!—ang kantiyaw na naman ni Labadre, matapos magpausok n̄g tabako at makapagpaindayog sa kulumpiyó.

—Tanghali na n̄ga—ang dugtong ni kapitang Andoy.

—Sayang ang m̄ga sandaling nakararaan!—ang patuloy pa ni Labadre.

Si Beteng ay parang iniinis. Nabakla tuloy na baka di na n̄ga sumipot ang komparsa. Hindi na mapalagay ang binata. Dudun̄gaw; uupo; tatayo; at lalabas na lamang ang gawa.

Ang m̄ga bubuyog ay patuloy sa pakikipagbulun̄gan sa m̄ga bulaklak. Ganap na kaligayahan ang inaawit nila. Bawa’t isa’y kinalalarawanan n̄g galak, tuwa, aliw.

May m̄ga binatang palipatlipat n̄g upo. At may m̄ga dalagang nagbabanalbanalan. May m̄ga bagong taong bibig at matá lamang ang kumikilos. At may m̄ga dalagang kamay lamang ang pinagagalaw sa pamamaypay. Ano pa’t halohalo na: ang mabait at ang malikot.

Si Dolores man ay masayang masaya rin. Samantalang si kapitana Martina ay lakad dito, lakad doon. Pumasok, lumabas, ang ginanap na tungkulin.

[78]

—Ano bang komparsa iyan?—ang di mapakaling bulas na naman n̄g bibig ni Labadre—¿hanggang n̄gayon ay wala pa?...

—Antabayanan natin—ang alalay naman ni kapitang Andoy.

—Sus!—ang payamot na ni Labadre—sinasabi ko’t lawit yata ang púsod n̄g m̄ga nangako....

—Mang Beteng, ¿anong oras po ba darating?—ang usisa na ni kapitang Andoy.

Pinawisan n̄g malamig ang binata at matagal din bago nakasagot:

—Ang sabi ko po ay ika walo.

—Bakit wala pa hanggang n̄gayon?—ang lahók ni Labadre.

—Talagang gayon po tayong pilipino: pag sinabing ika walo ay antayin mo sa ika labing dalawa....—ang katwiran ni Beteng.

—Samakatwid ay mamiya pa sila darating—ang pandidilat na ni Labadre.

—Malaking sisté!—ang yamot na ni kapitang Andoy—¡Pati si Artemyo ay nawala na ah!...

Nagbin̄gibin̄gihan si Beteng n̄guni’t naglalagablab ang loob. Ang poot niya ay kay Labadre nabubuhos. «¿Sino bang hayop ito?» ang tanong sa sarili. ¡Kay luwag n̄g kuwelyo! ¡Kay iksi n̄g amerikana! ¡Tambakan yata n̄g basura ang bibig sa walang sawang pagn̄gan̄ga! Pausok n̄g pausok n̄g tabako at bibig na lamang niya ang naririnig. Sulot n̄g sulot sa kapitang Andoy na parang binubaeng gumigiri. Dapat n̄gang kainisan ni Beteng. Kung hindi sa kanya, kay Labadre, ay di pa lubhang maiinip ang ama n̄g kanyang Dolores.

[79]

—Kapitang Andoy,—ang pagitna na naman ni Labadre—kung batid ko lamang na walang tugtugan ay ako sana ang nagdala...

—Bakit po? ¿Wala po bang tugtugan?—ang usisa n̄g ilang kaharap.

—Mayroon—ang tugon n̄g kapitang Andoy—darating na.

—Sunduin ko yata?—ang putol ni Beteng.

—Huwag na po—ang pakunwari ni Dolores.

Ang sagot na ito n̄g binibini ay nakapagbawas din n̄g kaba n̄g dibdib ni Beteng. Paano't paano ma'y nakabuhay din n̄g kanyang loob. Lubha pa noong pumasok si kapitana Martina na nagsabing:

—Loleng, samantalang wala pa ang m̄ga komparsa, ay ilabas mo ang iyong alpá at aliwin mo ang iyong m̄ga kaibigan.

—Siya n̄ga po.

—Yaon ang magaling.

—Ang inaantay namin.

—Halana.

Gayon ang naging tugunan n̄g lahat na pawang nagpako n̄g malas sa dalagang ipinagbubunyi. Sa likod nito ay namaibabaw din si Labadre. Anya'y:

—Ilabas mo't marami tayong paaawitin dito. Hayan si Nitang, ang tiple sa Mandaluyon, si Berang, ang dan̄gal n̄g Tangke, si Siyon ang buhay n̄g “Kumilos Tayo,” at...

—Silang lahat na!—ang dugtong ni kapitang Andoy.

—Siya n̄ga po, siya n̄ga po—ang ayon n̄g m̄ga binata.

—Bah! ¡bah! ¡bah!—ang pagtanggap n̄g m̄ga dalaga.

Ayaw pa sana si Dolores na ilabas ang kanyang alpá, dahil sa pagkatig sa kanyang m̄ga kabaro, n̄guni't napilitan din. Ilang sandali pa ang lumipas at nagdiwang na ang m̄ga daliri ni Dolores. Mahabang palakpakan ang tumapos.

—Talagang ang dalaga ni kapitang Andoy, ay madadala na sa esposisyon sa Panamá—ang pagpuri ni Labadre.

—Naman!—ang salo ni kapitana Martina at ni Dolores.

—Walang biro: ang mayaman sa ganda at mayaman sa talino, ay talagang pang-esposisyon—ang patuloy ni Labadre—N̄guni't.... ¿wala pa ang m̄ga komparsa?

Si Beteng na naman ang natisod. “¡Kulog na matanda ito!” ang bulong, “¡hindi na napagod ang bibig!” Salamat at nagbago n̄g salita si Labadre:

—Nitang, tiple n̄g Mandaluyon, ikaw naman n̄gayon.

—Si mang Labadre naman—ang patumpik n̄g pinagukulan.

—Halana; isang kundimang makalaglag matsing—ang pilit ni Labadre—Loleng, tugtugan mo.

Nagpalakpakan ang m̄ga panauhin, n̄guni't si Nitang ay ayaw pa rin. Ang dalagang sibol sa lan̄git n̄g Pilipinas ay talagang gayon. May talino man ay hindi ipinagpaparanya. Bagkus ikinukubli habang napipita. Lalo na't pagpuri at paghan̄ga ang ipaghahalungkat.

Mana'y isang matining na tinig ang nagpatahimik sa lahat. Umaawit si Nitang at sinasaliwan ni Loleng. Si Labadre ay napatigil din. Sinamantala naman ni Beteng ang pagpanaog upang salubun̄gin marahil ang komparsa.

Sa panulukan n̄g m̄ga daan Sagat at Penyapransiya, ay doon tumanaw si Beteng. Sarisaring guniguni ang lumaro na sa binata noong hindi niya mamalas ang inaantay. ¿Biniro kaya siya n̄g komparsa? ¿Talaga kayang di na sisipot? ¿Ano ang ginawa ni Simon sa salapi? Ganyang m̄ga tanong ang di niya matugon. Nan̄gan̄gawit naman sa pagtanaw sa wala, ang kanyang malas.

Minsan ay magnin̄gas ang poot kay Labadre. Kung wala ang taong yaon ay di gaanong mapupuná ni kapitang Andoy ang di pagsipot n̄g komparsa. Ang kapitan ay nawiwiling makipagusap sa m̄ga panauhin. Datapwa't laging sinusulot n̄g masalitang matanda. Ito ang nagpapalaki n̄g sunog. Ang kanyang pagkatao ay nabin̄git tuloy sa pilapil n̄g kahihiyaan.

Si Simón naman ang nahagilap n̄g alaala. ¿Pinagtaksilan kaya siya? Hindi mangyayari. Kagabi lamang ay ika labingisa na n̄g umalis sa bahay ni Beteng. At sinabi nitong naibigay niya ang salapi at tinanggap naman. ¿Saan naroon? Marahil ay tinitipon ang manunugtog. Walang sala; pagka't pinainum pa niya n̄g herés, bago umalis.

Humakbang n̄g ilan ang binata at idinukot sa bulsa ang kamay. Tumanaw na naman sa malayo, n̄guni't wala pa rin. "M̄ga tao na namang iyon, ¿di kaya inaalala ang kahihyan ko?" ang tanong na magisa. Tinanggap ang salapi at ¿di sisipot? ¡Malaking pagkukulang sa pagsasama! Datapwa't ¿ano ang magagawa ni Beteng? Siya'y nagaanyaya lamang. ¿Ang salapi? Yaon ay pabuya lamang. Iba ang upa sa pabuya. Kung upa, kahi't umulan ay sisipot sa takdang oras. Sapagka't pabuya, ay daratal kung kailan sipagin. ¡Utang na loob pa!

Inip na inip na ang binata. Pumagitna na naman sa daan at muling tumanaw. Wala pa rin. Si Simon man ay wala rin. ¿Tuluyan na kayang mabibitin ang kaawaawa? Sumisikdo ang loob; sumasasal ang tibok n̄g puso; nan̄gan̄gapos ang hiniñga. ¡Mahirap na talaga ang mabin̄git sa kahihyan!

[84]

Waring nabuksan ang lan̄git kay Beteng nang marinig niya ang tunog n̄g bigwela. Walang alinlan̄gang yaon ay kina kapitang Andoy. Halos ay tumakbo ang binata sa galak. Matulin na pumanhik. Lalong sikip na ang bahay na bago n̄g kapitan. Noon ay nagsasayawan na. Taas ang noo, lantad ang mukha, na dumulog sa harapang yaon. N̄guni't ¡kay laking pagkabigo! Ang tumutugtog pala ay hindi ang komparsang kanyang inaantay, kung hindi ang orkesta ni Artemyo at ni Pastor. Napipi at napamangha ang binata. Lalong ibinaon siya n̄g kahihyaan. Malalamig na patak n̄g pawis ang umaliw sa kanya. Ang mata naman n̄g m̄ga kaharap ay parang umuuyam sa kaawaawa.

—Naito na pala si mang Beteng!—ang bulalas ni Labadre—¿nahan ang inyong komparsa? ¡Wala! ¡Nilagpasan kayo ni Artemyo!...

Walang naitugon si Beteng kung hindi sarisaring banta. Poot kay Artemyo, sapagka't napaibabawan na naman siya. Galit kay Labadre, dahil sa lagi siyang hinihiya at ibinibilad. N̄gitn̄git kay Simón at sa komparsa, sanhi sa siya'y isinubo sa kahihyaan. Gayon ma'y nagbakasakali ring daratal. At pinilit ang n̄giting nagsaad kay kapitang Andoy:

[85]

—Nahuli ang komparsa natin.

—Tanghali na n̄ga—ang tugón naman n̄g pinagukulan.

—Nahan mang Beteng ang inyong komparsa?—ang pagitna na naman ni Labadre—¿mayroon ba o wala?

—Mayroon—ang salo ni kapitana Martina na noon ay abalang abala—Ito namang si Labadre, ¿hindi pa ba kayo nasisiyahan sa orkestang iyan?

—Bah! Iba po ang komparsa ni mang Beteng sa orkesta ni mang Artemyo—ang tugon ni Labadre.

Patuloy naman sa pagtugtug ang orkesta, at patuloy din sa pagikot sa sayaw ang m̄ga bubuyog at bulaklak. Si Loleng naman at si Artemyo ang nagsasarili; kaya lalong naglalagablab ang poot ni Beteng. Paano'y dinadarang n̄g panibugho. Gayon ma'y nagtatagumpay din ang dakilang asal. Nagkamayan din ang dalawang binata. Kay Pastor ma'y parang walang ano mang bigat n̄g loob.

[86]

Natapos ang sayawan. Pumutok ang serbesa. Lalong namayani si Labadre. Datapwa't si Beteng ay parang nauupos na kandila. Lahat ay nakamata sa kanya o kay Artemyo kaya.

—Malaking pagkabigo!—ang pagkakalat na naman ni Labadre—¡Napeste na yata ang komparsa ni mang Beteng!

Halakhakan ang itinugón n̄g lahat. Ang binatang tinukoy ay maputlang maputla. Isang babai lamang yaong nakasagot:

—Si mang Labadre naman; itinatanghal ninyo ang lalaong dakila sa ating panauhin....

—Lalong dadakila kung sumipot ang komparsa—ang patlang ni Labadre.

—Sisipot din—ang pagtatanggol ni kapitang Andoy.

Walang imik at nakahalukip si Artemyo sa piling ni Pastor. Kapwa sila nagpapausok n̄g tabako.

—Sayang!—ang saad na naman ni Labadre—Mabuti, kapitang Andoy, at nagkaroon

kayo n̄ isang Artemyo, disin ay nabitin tayong lahat.... ¡Sa akin ay si Artemyo ang lalong dakilang panauhin n̄gayon!...

[87]

—Salamat po—ang salo n̄ pinuri.

—Ehem,—ang tikim naman n̄ ilán na ginanti n̄ kindat n̄ ibang nakababatid n̄ lihim.

Dadaluhin̄gin na sana ni Beteng ang Labadreng kanina pa’y kinaiinisan na niya, kung hindi dumatal na humahan̄gos at may dugo sa damit si Simón.

—Mang Beteng!—ang wika—¡Humawak ka po n̄ patalim at iban̄gon natin ang iyong kahihyan! ¡Narito ang umaagaw n̄ iyong dangal! ¡Ang isa ay napatay ko na!

—Ano ang nangyari? ¡Simón!—ang gulat na tanong ni Beteng.

—Kailan̄gang pumatay ka po n̄ tao pagka’t ang dan̄gal mo ay inaagaw n̄ iba!

Boong tapang na isinaad na labis na nakatulig sa lahat n̄ nakikinig. Si Beteng ay lalong naupos. Si Labadre man ay napipilan din. Maging si kapitang Andoy, maging si kapitana Martina, ay napako sa pagkamangha. Ang magandang Dolores ay nangliit sa takot. Sino ma’y walang nakaimik. Isa isang minalas ni Simon ang panauhin. Hinanap n̄ kanyang mata ang m̄ga kaaway n̄ kanyang katoto.

[88]

Sa gayong anyo, na lahat ay natitigilan, ay sumipot ang m̄ga alagad, n̄ pamamayapa, ang kinatawan n̄ pamahalaan. Tinutok n̄ rebolber si Simon na:

—Bitiwan mo ang iyong patalim!

Binitiwan naman nito. Pinulot n̄ isa sa m̄ga tiktik. Kinawit naman sa kamay n̄ isa si Simon. At magalang silang yumaon. Si Beteng ay sumama naman sa dinakip. At ang alin̄gasn̄gas ay lalong naghari.

Isa’t isa’y lumapit n̄gayon kay Artemyo at kay Pastor. Balana’y nag-usisa kung ano ang nangyari. N̄guni’t sa lahat n̄ tanong ay pawang «aywan» ang sagot. At yumaon na rin ang magkaibigan, matapos magpasintabi kay Dolores at sa lahat n̄ panauhin.

—Baka di na kayo bumalik?—ang huling tanong ni Loleng.

—Babalik; sandali lamang kami—ang tugón n̄ dalawáng nagmamadali.

[89]

Sarisaring hinagap n̄gayon ang naghari sa kasayahan. Bulong dito, bulong doon, ang nangyari. Si Labadre nama’y lumikha na n̄ kung ano anong m̄ga hiwaga na sin̄gaw marahil n̄ alak.

[90]

[Nilalaman]

## VII

### ANG PAGKAKATAONG LALONG MASAKLAP

Hapon na noon n̄ araw ni Loleng. Ang panauhin nila ay m̄ga katulong na lamang. Ang pagsasaya ay natapos sa di oras, dahil sa sigalot na nangyari.

—Bah!—ang nasabi na lamang ni Artemyo nang siya’y dumating na lahat ay natatahimik. Ang durun̄gawan man n̄ bahay ay nakalapat. Isa mang tao ay wala siyang mamalas. Tunog n̄ pinggan sa labas ang kanyang napupuna. Nagalan̄ganin tuloy na magpatao po. Subali’t noong siya’y tatalikod na lamang ay nakarinig n̄:

[91]

—Mang Artemyo, tuloy kayo! ¿Ano po ba ang balita?

Ang kapitana Martina pala ang tumawag kaya’t pumanhik ang binata.

—Bakit n̄gayon lamang kayo?—ang bati naman ni Loleng na buhat sa silid.

—Bakit naman nagkatapos agad?—ang usisa n̄ binata.

—Nagkasakit sa nerbiyos si Andoy—ang salo n̄ kapitana—Nariyan sa silid na binabantayan ni doktor Borlon̄gan. Malubhang totoo.

—Diyata!—ang taka ni Artemyo.

—Nasindak kay mang Simon—ang patunay ni Dolores—Bakit talagang may sakit sa puso.

—Ang nangyari po’y ganito—ang pagbabalita na ni Artemyo—Nanḡako rito, o kay kapitang Andoy, si Beteng nḡ komparsa. Ang komparsa pong yaon ay pinanḡanḡasiwaan nḡ isang nagnḡanḡalang Tomas. Si Beteng, upang matiyak na sisipot dito ang komparsa, ay nagbigay pa nḡ salapi. Si Simon po naman ang nagdala, sapagka’t ito ang kasama nḡ Tomas sa hanapbuhay. Nagkasundo di umano sila, at tinanggap daw po ang pinakaupa. Nḡuni’t kanina raw po ay antay nḡ antay si Simon ay walang sumisipot. Hinanap daw po si Tomas at nakita sa bilyar. Inusisa raw po nito kung bakit di tumupad sa salitaan. Sapagka’t si Tomas daw po ay napagtatalo ay di raw hinarap si Simon. Sa gayon ay sumubo na ang poot nḡ sumundo. Isang kung sino naman ang bumulong daw kay Simon na “talagang hindi sila sasama sa inyo sapagka’t salitaang ibibitin kayo.” Lalong nagdilim daw po ang isip ni Simon. Nagbunot na raw po nḡ kortapluma at nilabnot ang damit sa dibdib ni Tomas. “¿Sasama ka o hindi?” ang makapangyarihan daw na tanong. “¡Huwag ka nḡang buwisit!” ang tugon daw naman ni Tomás, “¡Hayan ang salapi mo!” at inihagis daw po ang pabuya. Sapat na yaon upang si Simon ay gumamit nḡ patalim. Tinarakan na raw po sa tapat nḡ puso si Tomas....

[92]

—Hesus!—ang pahiyaw ni kapitana Martina.

—Di namatay?—ang saad naman ni Loleng.

—Mangyari pa po! ¿Di ba ninyo narinig ang hagibis nḡ ambulansiya?—ang tanong pa ni Artemyo.

[93]

—Narinig nga namin at siya tuloy nagtaboy nḡ maraming panauhin—ang saad nḡ kapitana.

—Bakit sinabi ni mang Simon kay Beteng na narito ang umaagaw nḡ kanyáng danḡal?—ang usisa pa ni Loleng.

—Ipinalagay po marahil nila na si Pastor o ako ang nagsulsol kay Tomas, na huwag sumipot.

—Patawarin nḡ Diyos!—ang saad ni kapitana Martina, at hinarap si Dolores—ipaghanda mo sila nḡ mirindal.

—Huwag na po. Marami pong salamat—ang maagap na pagayaw ni Artemyo.

—Hindi manyayari; kakain at kakain kayo—ang pasya nḡ kapitana.

Si Dolores nama’y yumaon na upang ipaghanda ang irog. Ilang sandali lamang ay magiliw na nagsabing:

—Tayo na.

—Huwag na po—ang pasalamat nḡ binata.

—Hala na—ang yaya naman nḡ kapitana.

Sa kapipilit ay tumayo rin si Artemyo. Silang tatlo ay nagharap sa lamesa. Sumungkit si Dolores nḡ mantikilya at ipinahid sa tinapay nḡ binata. Nilagyan naman nḡ kapitana Martina nḡ keso ang pinggan nito. Nḡuni’t noong isusubo na lamang ni Artemyo ang biskuwit na isinahok sa mainit na sikulate ay nabigla sila sa tawag na:

[94]

—Kapitana! ¡Kapitana! ¡Dolores! ¡Dolores! ¡Madali kayo at mamamatay na ang kapitan!...

Madaling gumibik ang tatlo. Unahang pumasok sa silid nḡ kapitan. Isang higit na lamang nḡ balikang kanilang namalas, at:

—Patay na!—ang saad nḡ doktor.

Malakas na hagulhol nḡ magali ang nagbalita sa boong kabahayan, nḡ masaklap na pagyaon ni kapitang Andoy. Dumagsa sa silid ang tao mula sa labas. Madlang kapitbahay ay nagsidalo rin.

Samantalang nagsisitanḡis halos ang lahat, si Artemyo ay pagal na pagal namang inaaliw ang kanyang pinopoon. Sa pagkahandusay sa isang upuan ni Loleng, ay boong giliw niyang pinapaypayan. Pinipisilpisil ang mḡa daliri at hinahaplos ang mukha. Walang malay naman ang dinaklot nḡ pighati.

Isang sandali pa ang lumipas at tinanghal nang bangkay, ang kanikanina lamang ay tinawang na kapitang Andoy.

[95]



Sa isáng silid ay nagkulóng na naglapat n̄ pinto ang magali. Mula roon ay umalin̄gawn̄gaw ang malumbay na pagtan̄gis nila sa dagok n̄ palad.

¡Kay saklap na naging kaarawan ni Loleng! ¡Nagsimula sa galak at natapos sa mapait na pagluha! ¡Sawing palad na pagkakataon!

[96]

[Nilalaman]

## VIII

### MGA NALUGMOK SA LIWANAG NG BUWAN

Gabing maligaya. Ang buwan noon ay parang nabibitin sa lan̄git. Nagpapalalo n̄ kanyang yaman. Sa daan Sagat naman noon, ay magulong maguló ang m̄ga bata. May tubigan, may taguan, at kung ano-ano pang laro ang ginaganap. Nakikipaglamay sila sa liwanag na kaayaaya. Noon ang ika pitong gabi n̄ dasal na patungkol kay kapitang Andoy. Kaya't kung sino-sinong manang at manong ang nagsisidatal. At lalong marami ang dalaga at binatang m̄ga kaibigan ni Dolores.

Ang masamyong halimuyak n̄ m̄ga *dama-de-notse*, sa halamanan ni Loleng, ay sumusuob noon, at bumabati sa m̄ga alindog na panauhing patun̄go sa dasal. Ang m̄ga panggabing paroparo, o mga pusong palaboy n̄ pagibig, ay naglisaw naman sa daan at inaaban̄gan ang kanikanilang bulaklak. ¡Sayang n̄ga naman ang pagkakataon!

[97]

Mula naman sa lan̄git ay nagkislapkislap ang m̄ga hiyas n̄ kalawakan. M̄ga bituing waring nagsasaad na *sinusubukan namin kayo*. Han̄gin lamang marahil ang nakababatid n̄ kanilang isinasaloob.

Mana'y tatlong lalaki ang sa daang Erran ay waring nagaaliw na naglalakad. Sila ay si Artemyo, si Pastor at si Labadre. Makikipagdasal ding gaya n̄ m̄ga sinundang gabi.

—Hiyanghiya siya noon—ang saad ni Labadre—wala pa kayo ay talagang iniinis ko na.

—Bakit naman?—ang salo ni Artemyo—baka tuloy isinaloob na tayo ay magkakasapakat.

—Maano yaon?—ang sabad ni Pastor.

—Hindi—ang matwid ni Labadre—Batid naman n̄ lahat na tayo ay di pa magkakakilala noon.

[98]

—Kung sakali man ay sa pan̄galan lamang—ang lagot ni Pastor.

Lumiko sila sa daang San Tiyago.

—Magtapatan n̄ga tayo—ang hamon ni Labadre—¿ano ang ikinagalit ninyo kay Beteng?

—Galit kay Beteng!—ang pagtataka ni Artemyo—Ni sa guniguni ay wala akong galit sa kanya. Pilitin ko man yata ang mapoot ay di mangyayari.

—Sus!—ang di paniniwala ni Labadre.

—Talagang totoo kaibigan.

—Ako ang magtatapat—ang agaw ni Pastor—¿Bakit ba ako magbubulaan?

—Hala n̄ga—ang sambot ni Labadre.

—Ang masama ay dapat bungkalin—ang patuloy ni Pastor—Ang magtakip sa isang kasamaan ay ginagawa lamang n̄ m̄ga taksil.

—Siyang totoo—ang ayon ni Labadre.

—Sapagka't kami ay hindi taksil ay sasabihin ko ang katotohanan—ang dugtong pa ni Pastor—makasama o makabuti man sa amin.

—Iyan ang lalaki!—ang pagpuri ni Labadre.

—Hatulan mo:—ang simula na ni Pastor.—Si Beteng ay dinaig nito sa pan̄gin̄gibig kay Loleng. Dahil doon ay sarisaring paninirá ang kanilang inasal. At pati ako ay

[99]

binantang sapakatin. Nĝuni't di pumayag ang puso ko. Nabigo ang kanilang amuki. Sila ni Simón ang nagkasundong mabuti. Ako naman, palibhasa'y di maamin nĝ aking sarili ang pagagaw nĝ danĝal nito, ay siya ko namang inagapayanan. Hanggang sa loob nĝ Samahang «Kumilos Tayo» ay nagpanagupa kaming mabuti. ¿Doon ba naman ay sukat alisan nĝ tungkol at itiwalag ito?...

—Hindi lamang yaon—ang putol ni Artemyo—inilathala pa sa mĝa pahayagan na ako raw ay magdaraya, magnanakaw, at....

—Si Beteng ba o si Simón ang naglathala?—ang tanong ni Labadre.

—Si Beteng; nakalagda pa eh—ang patuloy ni Pastor—Ang nasapit ay nabagsak ang Samahan. Paano'y maraming nagsitiwalag at dinamdam ang nangyari. ¿Biro ba ninyong kahihyan, yaon?

—Siya nĝa—ang ayon ni Labadre.

—Mula na noon—ang dugtong ni Pastor—ay inabatan ko na siya. Inabatan ko, ako lamang, sapagka't ito ay ayaw makipatol. [100]

—Bakit makikipatol ay napapabuti na siya?—ang biro ni Labadre.

—Hindi naman—ang nĝiti ni Artemyo.

—Nang mabalitaan ko ang araw ni Loleng—ang giit din ni Pastor—ay nilakad ko ang komparsa niyang inanyayahan upang huwag sumipot. Sa mabuting salita ay di lamang pumayag na sila ay di sisipot, kung hindi nanĝako pang sa amin sasama. Datapwa't inakala kong panĝit ang gayon. Kaya pinaurong ko ang kanilang pagparoon, at humanap na ako nĝ orkesta....

—Ah! ¡Labis ang pagkaganti ninyo!—ang hatol ni Labadre—¡Malakas na sampal ang inyong ginawa! ¡Nĝuni't ... patas na kayo!

—Nakalalamang pa kami—ang habol ni Pastor.

—Mangyari pa! sa inyo tumining ang pagpuri nĝ lahat—ang ayon ni Labadre.

Noon ay na sa tapat na sila nĝ tahanan ni Beteng. Madilim ang bahay at wala ni kalatis mang marinig. Tahimik namang lumagpas ang tatlo. At lumiko sila sa daang Sagat. [101]

—Kumusta naman kayo ni Loleng?—ang usisa na naman ni Labadre—Banta ko'y nakasapit na kayo sa lupang panĝako....

—Malayong malayo—ang tugon ni Artemyo.

—Ang turo ko sa kanya—ang dugtong ni Pastor—ay pagkaraan nĝ dasal sa nasirang kapitan ay umaklás na sila....

—Bakit pa aaklas?—ang tanong ni Labadre—Magpamanhikan na lamang at ako....

Hindi natapos ang pananalita ni Labadre, at sunodsunod na, bumulagta ang tatlong magkakasama. Isang lalaki ang nanampalasan. Saksak dito, tarak doon ang ginawa. Nanĝakatimbuwang na'y di pa tinirahan nĝ búhay. Sa isang sandali, ito ay naganap. Bago napakilala yaong mamamatay:

—Ako'y si Beteng! ¡Si Silbestre Santos! ¡Ang lalaking isinubo ninyo sa kahihyan! ¡Wala akong ginawa kun di maninĝil! ¡Ako na rin ang hahanap nĝ katarunĝan!...

Inihagis ang hawak na balaraw. Yumaon ang lalaking naghiganti. Nilisan sa liwanag nĝ buwan ang tatlong bangkay. Ang ulo ni Artemyo ay napatong sa dibdib ni Labadre. Si Pastor naman ay nakabulagta sa may dalawang dipang layo. Ang dugo nĝ mĝa sawi ay parang idinilig sa pook nĝ sakuna. [102]

—Tatlong bangkay!

—Inutás si Artemyo!

—Sino ang pumatay!

—Pinatay si Labadre!

—Hinarang!

—Tinapos si Pastor!

Ganyang mĝa alinĝawnĝaw ang sa ilang saglit lamang ay gumuló na sa bayan nĝ Pako. Ang tao sa mĝa sine, ay unahan nĝ paglabas. Maging mĝa pulis ay gulonggulong. ¿Ang dasal pa kaya kina kapitana Martina ang hindi naligalig?

Naligalig din. Naligalig n̄ gayon na lamang. Takbuhan sila sa pagpanaog.

—Ay!—ang buntong hiniñga ni Loleng, nang mamalas niya ang bangkay n̄ kanyang giluw at nagunahan nang pumulas ang luha....

Ang kahihayan ay sinupil n̄ pagibig. At ang lakas nito ay namayani na naman noon. Niyakap ni Dolores ang bangkay ni Artemyo. Inihiga sa kanyang kandunġan. Luha naman ang itinulong ni kapitana Martina. At lahat ay nagtaglay n̄ habag sa busabos n̄ pagibig; kay Loleng na nagtanghal n̄ di karaniwan sa mata n̄ madla. Mabilis na umaagos ang kanyang luha, na nagbabansag n̄ matayog na kadakilaan n̄ kanyang puso, at magtatanghal n̄ taimtim na pagdaramdam n̄ kanyang kalulwa.

[103]

[104]

[Nilalaman]

## IX

### BALIW NA NAGSASABI NG KATOTOHANAN

Waring m̄ga salarín na hinahakot ang m̄ga manglilimbag sa limbagan n̄ Pamahalaan, at dinadala noon sa pagamutan n̄ San Lásaro. Dahil sa pagkamatay n̄ isang kasama, sa sakit na *dipterya*, ay muntik n̄ ikulong ang lahat n̄ kawani sa boong limbagan. Kuwarentenas diumano ang kailanġan, sapagka't mapanġanib na sakit ang *dipterya*. Ang mikrobyo raw noon ay totoong mabisang makahawa. Ganyan ang pasya n̄ matatalinong doktor sa Kagawaran n̄ Karununġan. At naganap ang pasya, baga man kay daming anak n̄ dalita ang napinsalaan.

[105]

Lungkot, pighati, hinagpis, pamamanglaw, iyan ang lumalaro sa m̄ga kaawaawa na ikinulong sa isang kamalig na ni lamok ay di makapasok. May tumatanġis at may tumatawa. Datapwa't ... ¿ano pa? Pagtanġis na inililihim at pagtawang pilit lamang. Ang iba'y malungkot na inaalaala ang asawa. Ang iba'y iniluluha ang m̄ga anak. At ang iba nama'y mapanglaw na ginugunita ang kanilang pinopoon sa buhay, ang lanġit n̄ kanilang pagibig. Kung minsan sa hinagpis na ¡ay! ay buntong hiniñgang ¡ay! din ang tugon....

At ¿bakit di sila mamamanglaw? Tunay; sila'y malalakas pa kay sa humakot sa kanila. Paano'y wala namang sakit. Subali't ang pagkawalay sa m̄ga pinakamamahal sa buhay, ang masabing sila ay may mikrobyo n̄ *dipterya*, ay labis nang makapanglumó n̄ puso. Isa lamang dito ay sapat nang sumupil sa kanilang lakas.

Noón ay isang haponng mapanglaw.

Salamat sa pagdalaw n̄ ilang m̄ga kasama at kamaganak, ay nababawasan ang kanilang lungkot.

Salamat din naman sa m̄ga alaala n̄ “Kami Naman”, na paano't paano ma'y ikinaaaliw nila. Ang masasarap na biskuwit, welga, at sigarilyo, na abuloy n̄ Samahang yaon sa Pako, ay nakatutugon din kahi't bahagya sa kanilang hapis. Paano'y tanda yaon n̄ pagmamahal; pagmamahal na ibinuyo n̄ pagibig; at pagibig na likha n̄ banal na pagkakapatiran.

[106]

—Ano ang naisipan n̄ “Kami Naman” at nagpadala rito n̄ abuloy?—ang tanong n̄ isa.

—Wala. Tumupad lamang sila sa kanilang tungkulin. Dumamay sa kapatid—ang paliwanag n̄ nakasalamin.

—Tayo ba'y kapatid nila? ¿Hindi naman tayo kasapi?—ang patlang n̄ iba.

—Oo. Kapatid nila tayo; kasapi man at hindi sa kanilang Samahan. Sapagka't ang mahihirap ay magkakapatid na lahat. Kung paanong ang mahirap ay walang bayan, ay gayon din na walang lipi. Bayan niya ang Sangsinukob at lipi niya ang Sangkatauhan....

—Tama!

—Mabuhay!

—Katwiran!

Ganyan ang itinugon n̄ ilan at tinapos sa palakpak na pagpuri n̄ lahat.

[107]

—¡M̃ga kapatid!—ang malakas na hiyaw na kanilang narinig.

Natahimik ang lahat. Sila’y nagsidulog sa durunġawan. At mula roo’y napanood nila kung sino ang sumigaw. Isang baliw sa kulunġan nġ m̃ga sawing palad. Na sa bahay na katapat nġ kanilang kinapipiitan. Mula sa durunġawan noon ay isang talumpati ang binigkas sa kanila:

—M̃ga kapatid: Itigil ninyo ang pagawit nġ galak. Ang dapat magalak ay ang nasisiyahan sa buhay. Samantalang tayo ay naghihikahos: gipít sa lahat nġ kailanġan; dahop sa salapi; uhaw sa paglaya; ay pawang pighati ang ating dalitin... Sapagka’t, sapagka’t, sapagka’t siyang bagay sa ating kalagayan....

—Katwiran!—ang bulunġan nġ m̃ga nakikinig.

—Makinig tayo!—ang saway nġ ilan.

—Sa buhay na ito nġ m̃ga panġarap—patuloy nġ nagtatalumpati—ay talagang pawang katiwalian ang malimit mapanood. Ang mahirap ay nasisiyahan sa kanyang kahirapan, nġuni’t ang mayaman ay di nabubusog sa kanyang kayamanan. Gayong ang dapat mangyari ay masiyahan ang masalapi sa kanyang kasaganaan, at dumaing ang dukha sa kanyang kadahupan. Subuking iwasto ang lakad nġ buhay: tumahimik ang mayroon; magsigasig ang wala: at ang puso nġ maralita ay hindi na tatanġis....

[108]

—Totoo—ang turing nġ ilang nakikinig.

—Makamahirap pa!—ang paghanġa nġ iba.

—Bayan ko—ang hiyaw na naman nġ baliw—¿Kailan pa mapapanatag ang iyong kapalaran? ¿Habang panahon na ba ang iyong pagtitiis? ¿Talaga bang isinumpa ka sa kaapihan? ¿Bakit di ka kumilos? ¿Ano ang kabuluhan nġ iyong lakas? ¡Walang kalayaang inililimos! ¡Ang ipinamimigay ay ang kalabisan nġ nagbibigay! Ano pa’t ang layang inaantay mo, ay ¡ang labi nġ panġinoo! Datapwa’t alalahanin mong may m̃ga labi, na ni hayop ay tumatanggi.... At ang bayang labi nġ kapwa bayan, ay mahina. ¡Walang kasing hina! Marupok. ¡Walang kasing dupok! ¡Parang salamin lamang! ¡Sayang ang iyong matatalino! ¡Sayang ang iyong matatapang! ¡Masdan mo’t isa isang nagsisitulog sa libinġan! ¿Bakit di mo samantalahin ang kanilang lakas? Kung ang tao ay sumipot upang makipagagawan sa buhay, ang bayan ay nilikha upang makipaglaban sa karapatan....

[109]

—Iyan ang ulol na nagsasabi nġ katotohanan!—ang pagtataka nġ m̃ga nakikinig.

—Sino kaya iyan?—ang tanong nġ iba.

Ang baliw naman ay lalong gumilas sa paglalahad nġ m̃ga nangyayari. Kumuha nġ pisi at sa dulo’y itinali ang kanyang panyolitong puti. Inilawit sa rehas. Binayaang iniwagayway nġ hanġin. At malakas na sinabing:

—Hayan ang watawat nġ pagsuko! ¡Hayan ang sagisag nġ pananahimik! Batiin ninyo at igalang. Mahalin ninyo at ibigin. Kung iyan ang ating ilaladlad sa gitna nġ digmaan ay unahan tayo nġ paghawak. Datapwa’t kung pula, tanda nġ paglaban, ay nagtuturuan tayo. ¡Magdarayang tapang!...

Sandaling natigilan. Bago nagpatuloy:

—Bandila nġ kapayapaan! Ang kapangyarihan mo ay nagdidiwang sa ibabaw nġ maliit at api. Nagdidiwang, sapagka’t nasisiyahan sila sa kanilang kaliitan at kaapihan. Datapwa’t sa malalakas at manglulupig, ang kapangyarihan mo’y hindi makapamayani. Hindi makapamayani, sapagka’t di pa sila nabubusog sa kanilang tayog at kadakilaan. Dapat lumaganap sa lahat ang iyong lakas. ¡Masupil mo nawa ang sangkatauhan!...

[110]

Noon ay papaalis na ang m̃ga dalaw. Nang mapuna nġ baliw ang pagyaon nġ ilang dalaga, ay maliksing hinigit ang kanyang watawat. Nagpugay sa m̃ga paalis, na anya’y:

—Paalam m̃ga dalaga nġ lahi, masamyong bulaklak nġ bayan. Dahil sa inyong dilag ang libo mang buhay ay ipasasawi. Si Plorante’y naging Plorante dahil kay Laura; si Ibarra’y naging Ibarra dahil kay Marya Klara; ako naman ay magiging ako dahil sa kagandahan ninyo. Paalam m̃ga panġarap nġ aking puso. Taglayin ninyo ang alaala nġ inyong sawing lingkod....

—Malambinġin pa—ang saad nġ isang nakikinig.

—Parang hindi ulol—ang pasya nġ iba.

—Siya nġa—ang ayon nġ ilan.

Nagpatuloy naman ang baliw; n̄guni't iba na ang uri n̄g isinasaad. Ang tinig man ay tinig panambitan na:

[111]

—Loleng n̄g buhay ko! ¡Dolores n̄g aking kaluluwa! Halika't pawiin mo ang lungkot n̄g iyong alipin. Dahil sa kagandahan mo, tampok n̄g pagibig, ako ay naging mamamatay. ¡Limang buhay ang inutang ko!...

At naghinagpis n̄g:

—Ay, kapalaran! ¡Napakadilim n̄g gabi na aking nilalamay! ¡Nakamatay ako sa di kinukusa! ¡Kaibigang Artemyo, katotong Pastor, kasamang Labadre, m̄ga kulang palad na naparamay sa aking kasawian!... ¡Simón! ¡Simón! ¡Simón! ¡Huwag kang mahapis diyan sa bilibid! ¡Ang pagdurusa mo'y tanda n̄g iyong pagkamatapat na katulong! ¡Sa gaya mo, buhay man ay maipagkakatiwala!... ¡Ang kayamanan ko'y manahin mong lahat!... At magdiwang ka n̄g boong galak...

Nilagot ang salita sa halakhak. Nagpatuloy pa rin:

—Ako si Beteng! ¡Si Silbestre Santos! ¡Limang buhay ang aking inutang! ¡Apat ang inutas ko n̄g patalim at isa ang namatay sa takot sa aking ginawa! ¡Kay Tomás ay ako ang pumatay! ¡Hindi si Simon! ¡Palayain ninyo siya! Si Simón ay kinasangkapan ko lamang sa pagpatay. ¡Si Tomás ang unang tinampalasan n̄g marahas kong loób! ¡Kay Artemyo, kay Pastor, kay Labadre, ay ako rin ang pumatay! ¡Si kapitang Andoy man ay namatay sa pagkasindak sa sakuna! ¡Ano pa't dahil din sa akin! ¡Oo; inaamin kong limang buhay ang aking utang, kaya't ako na rin ang humanap n̄g katarun̄gan!...

[112]

At tinapos ang talumpati sa:

—¡Pagibig! ¡Pagibig! ¡Itan̄gis mo ang m̄ga sinawi n̄g iyong lakas at kapangyarihan!... ¡Dalaga! ¡Dalaga! ¡Alalahanin mo ang m̄ga nalugmok dahil sa iyong kagandahan!...

[113]

[Nilalaman]

## X

### SA LAOT NG HAPIS

Tumatakas na noon ang tuwa at marahang humahalili ang lungkot. Ang ilaw n̄g sangdaigdig ay sumisibsib na noon sa kalunuran. Iba't ibang bikas at kulay n̄g ulap ang napapanood sa kaitaasan. Samantalang sa lupa ang tinig n̄g panglaw ay namamayani na. Datapwa't lumalo pa sa looban nila Dolores, doon sa halamanang kinakitaang natin sa kanya noong siya'y nagaaliw at nagpapalipas n̄g isang mapanglaw na hapon. Oo; doon ay lumalo pa ang lungkot; paano'y naroon si Dolores at dinidilig n̄g patak n̄g luha ang kanyang alagang m̄ga tanim.

[114]

—Ay!—ang buntong hininḡa—¡Kay saklap n̄g buhay!...

Tinutop n̄g dalawang palad ang kanyang mukha bago nagpatuloy:

—Halos kahapon lamang ay kasalo at kaulayaw ko ang aking Ama, n̄gayon ay na sa lan̄git na.... ¡Kay pait gunigunihin!

Tinapos sa isang masaklap at malalim na *jay!*... Ang perlas na luha ay naguunahang bumalong sa m̄ga malas n̄g kaawaawa at sa di kinukusa ay napatanaw sa kaitaasan.

—Lan̄git, oh, natun̄gong lan̄git.... Kung turan n̄g m̄ga makata, ikaw ay maawain. Kung sabihin n̄g m̄ga maralita, ikaw ay mapagkandili. N̄guni't ang katotohanan ay inagaw mo ang boo kong kalwalhatian. Wala kang inalabi sa akin kung hindi isang pusong nalulunod sa hapis at isang pagibig na nabibilibid n̄g m̄ga himutok. Sa ganap na pan̄gun̄gulila ay tinatawanan mo ako, n̄gayon....

At tumun̄go, tun̄gongtun̄go, na sa masidhing pananaig n̄g lungkot ay napasandig sa puno n̄g kamuning. Noon ay may isang ibong nagparinig sa kanya n̄g lalong mapapanglaw na dalit. Sa puso ni Dolores ay lalong nagugat ang lumbay. Paano'y nagunita niya ang m̄ga awit ni Artemyo, si Artemyong artista, ang kanyang kapapanaw na giliw.

[115]

Lumakad ang ulilang kalulwa at dumulog sa kanyang m̄ga sampagitang noon ay naghahandog n̄g kawiliwiling ban̄go. Isa isang hinagkan n̄g nalulungkot na dalaga.

—Kayo, kayong m̃ga sumaksi sa lihim ñg buhay, kayong naging aliwan ñg aking giliw, halana, halana, aliwin ninyo ang ulila sa lahat ñg kaligayahan.... At tayo'y magsalong magalaala sa kanya....

Marahang pinuti ang mapapalad na bulaklak. Sa lumang luklukan ay malungkot na naupo ang dalaga. Dito naglaro sa kanyang isipan ang lalong maligayang dahon ñg kasaysayan ñg kanyang buhay sa pagka binibini. Hinalungkat ñg kanyang alaala ang hapong pagtatalik niya sa galak. Noon ay araw ñg Huwebes. Siya at si Artemyo ay kapwa pinalaya ñg palad. Ang kanyang ali ay nakatulog yata sa pangginge. Doon ñga, sa halamanang yaon, at sa luklukan ding yaon, sila ni Artemyo ay lihim na sumumpa, sa harap ñg kanilang dañgal at sa ñgalan ñg kanilang pagkatao. Ang m̃ga puso nila ay kapwa ipinasulat na maging busabos at ipinakilalang pañginoon din naman. Ano pa't noon niya binitiwang ang «oo» ñg kanyang pagibig. At noon din siya pinañgakuan ni Artemyo ñg lalong matamis na pagmamahal. Sa ikapagtitibay nito, ay isinanla sa kanya ang isang singsing na hanggang ñgayon ay nagniningning pa sa kanyang m̃ga daliri.

[116]

—Singsing ñg giliw ko! ;Kaputol na ginto at batong nagniningning! ;Hiyas, na tañging pamana sa akin, ñg aking pañginoon at buhay! ;Lalong nadudurog ang puso ko, kung mapanood ka ñg aking malas! ;Ang nakaraan ay ipinatatanaw mo at ibinabalik mo ako sa aking kahapon! ;Sa langit ka na tutubusin ñg nagsanla sa iyo!...

Tanda ñg pagkalunos sa hiyas ñg kanyang kasi, ay magiliw na hinagkan ito. Kaya itinirik ang mata sa kalawakan at waring hibang na kinausap ang bumihag sa kanyang puso:

—Artemyo, bayaan mong alalahanin ka ñg nagmamahal sa iyo....

Noon ay nagsipotsipot na sa kaitaan ang m̃ga hiyas ñg gabi, ang m̃ga brilyante ñg malapad na lambong ñg dilim. At sa gitna ñg gayong kalungkutan, sa pamamayani ñg aliñgawñgaw, ay m̃ga piping hibik na *jay!* ang waring nahihigiñgan. Yaon ang hinagpis ñg pusong sapupo ñg sakit, ni Dolores na di na mabata ang pait na ipinalalasp sa kanya ñg palad....

[117]

Kinabukasan, sa libiñgan sa Singgalong, ay dalawang babai ang pumasok. Pusong busabos ñg pighati, kalulwang alipin ñg hapis, ang kanilang dala. Kapwa luksangluksa, nagbabansag ñg sakit na nilalasp ñg buhay. Marahang nagsisilakad at nakatuñgong tulad sa m̃ga banal. Sila ay si Dolores at si kapitana Martina.

Si Dolores? Oo. ;Si Dolores! Si Dolores Balderrama; ang tala sa daang Sagat sa Pako, dalagang nakabighani sa maraming pusong palaboy ñg pagibig. Ñguni't hindi na siya si Dolores na larawan ñg ganda; hindi na siya ang bituing kalaro ñg kaligayahan. Siya ñgayon ay si Dolores na nagpipighati; ang dalagang yapus ñg matinding biro ñg kapalaran.

Si kapitana Martina ang kasama? Oo. ;Ang kapitana Martina! Ang mahal na asawa ñg nasirang kapitang Andoy. Datapwa't hindi na siya ang kapitanang mapagsiste: matandang sa lagi na'y masaya. Siya ñgayon ay babaing sapupo ñg lungkot, matandang ulila sa galak.

[118]

Oh, panahon, kay dali mong magbago ñg anyo!

Noon ay hapong napakalungkot. Sa libiñgan ay ganap na nagdidiwang ang pananahimik. Pamamanglaw lamang ang doo'y nakapangyayari. Ang m̃ga krus na tanda ñg patay ang tañging tanod ñg m̃ga nagpapahiñgalay. May mañgilang ibong nagsisihuni, ñguni't ¿ano pa? huning nakapagdadagdag ñg lungkot sa m̃ga ulila ñg pinakamamahal.

Lumapit sila sa libing ni kapitang Andoy. Inilagak ang ilang bulaklak ñg biyoleta, na dinilig muna ñg luha. Doon ay naiwang tumatañgis si kapitana Martina na pinagyayaman ang libing ñg bunying kapitan.

Si Dolores ay doon naman lumuhod sa harap ñg krus ni Artemyo. Ang bulaklak na dala bago inilagak ay hinagkan muna. Nauna pang pumatak ang m̃ga luha ñg kaawaawa.

Kay lungkot na panoorin!

—Artemyo!—ang wika—;Bayaan mong sa iyong pananahimik ay paminsanminsang alalahanin ka, ñg pusong di nakalilimot! ;Naging sawi ka man sa iyong palad, ay dakila ka naman sa alaala ñg iyong iniwan! ;Diyan na! ;Diyan na sa bayang payapa awitin natin ang tamis ñg pagibig!... ;Ang kapalaran ay di matutulan!...

[119]

At sa pisiñgi ñg dalaga ay marahang umaagos ang m̃ga patak ñg luha; m̃ga luhang pangalaala...

## WAKAS

[121]

[Nilalaman]

# KUROKURO AT PANSIN

NI G. HONORATO H. DE LARA

*Sa matalino at mayuming Bbg. Fausta Cortes.*

Maran̄gal na binibini:

Matapos ko pong mabasa at manamnam ang unang supling na ito n̄g inyong makisig na panulat; matapos kong mapagukulan n̄g mahabang pagwawariwari, ay agad ko pong isinakamay ang aking pulpol na panitik upang boong in̄gat na panalaytayin ko sa maputing papel ang napakalaki ninyong napithaya sa dahop kong kaya na katigan n̄g m̄ga panghuling kurokuro ang napakamahalagang aklat ninyong ito, ang AGAWAN N̄G DAN̄GAL, na handang iyalok sa lalong may pihikang panlasa, palibhasa'y pagkaing luto sa inyong sariwa at mayamang isipan.

Datapwa't, ¿paano po kaya ang aking gagawin, maran̄gal na binibini, upang makayari n̄g isang tunay na *epílogo*?

¿Purihin ko na lamang po kaya ang pagkaing ito, at sabihin kong masarap, at sagana sa m̄ga kailan̄gang sangkap, kahi't na may nalalalahan akong *anhang* at *pait*?

[122]

¡Inaakala ko pong hindi wasto ang gayon!

Sapagka't ayon din po sa pasiya n̄g isang bantog na *polemista*, kilalang man̄gan̄gatha, tanyag na mananagalog at datihang mamamahayag na si *Inocencio Dilat* (humigit kumulang) na, hindi anya kailan̄gan n̄g isang *epiloguista* ang sabihing ang aklat na ito (halimbawa) ay mainam, may dakilang layong mag-alis n̄g piring sa mata n̄g han̄gal, may maningning na m̄ga pan̄gun̄gusap, sagana sa m̄ga palaisipang malalim, busog sa m̄ga pantas na pagkukuro at mayamang mayaman sa pananagalog na tabas Balagtas, sapagka't anya'y isang kalabisan. Ang isang *epiloguista* ay katulad din anya n̄g isang *crítico*, magpasiya at turulin ang isang bagay na kamalian, bago suriin at hatulan, alalaon baga'y punahin ang mali bago itumpak at ilagay sa dapat kalagyan.

N̄guni't ... ito n̄ga kaya ang tunay na *epílogo*? ¡Iyan ang hindi ko mataya!

Datapwa't ... para kay *Inocencio Dilat* ay ganiyan, ganiyang ganiyan.

At ... ipalagay na po nating ganiyan na n̄ga. Punahin ko ang lahat n̄g kamalian; sabihin kong namimilipit ang inyong m̄ga pan̄gun̄gusap; minsang madapilok sa paglalarawan n̄g lalong m̄ga kailan̄gang ibadha n̄g inyong panitik; may m̄ga pangyayaring madilim, malabo; may m̄ga bigkasing kayong hawig sa wikang kastila ó ingles, ó ang gayon at ganito ay di mangyayari, anopa't ang lahat n̄g kamalian ay isa-isahin kong turulin, suriin, punahin, bago itumpak, at... iwan ang dapat suubin ng kamaniyang, ang dapat purihin, ang dapat itampok sa lalong napakatayog na karan̄galan, alalaon baga'y sabihin kong *mapakla* at *hilaw* ó kaya'y *mapait* at *maasim* ang inyong ipinalasap na ito sa ating m̄ga mambabasa, gayong ang katotohana'y, sa kabila naman n̄g lahat n̄g iyan ay mayroong nalalalahanang tamis, sarap, linamnam, ay ... ¿ano po kaya ang wiwikain ninyo sa akin?

[123]

¿Hindi po kaya man̄gunot ang inyong noo at sabihin na ako'y masamang *epiloguista*, kung *epiloguista* na n̄gang matatawag kahi't birobiro ang abang kaliitan?

¡Oh!.. kay laki n̄g inyong napita; pagkalakilaki... At sa kalakhan, ay hindi ko po tuloy matutuhan kung paano ang aking gagawin upang mapaunlakan ko kayo sa inyong hiling..

Sapagka't ... ang wika n̄ga po n̄g isang mangwawagi't bantog na makata at balitang manlilinan̄g sa napakatamis na wikang ginamit n̄g ating haring si Balagtas, sa kanyang walang kamatayang *Florante at Laura*, na si *Itang Balbarin*,



na tubo sa mapalad na libis n̄ bundok n̄ Samat, na siyang kinakitaan niya n̄ unang liwanag n̄ araw, na: ang isang *epiloguista* raw po ay hindi dapat mamuna ni maglahad n̄ ano mang tutuntunin sa pagsulat, sapagka't, ang isang *epiloguista* ay kaibangkaiba anya sa isang *crítico*.

¡May matwid!

At, kung ganito n̄ga ay ... ¿paano po kaya ang dapat kong gawin o saang landás ako tutun̄go upang makayari n̄ isang wastong panghuling salita?

Para kay *Inocencio Dilat* ay di wastó ang ganito...

At, para kay *Itang Balbarin* naman ay lalong di tumpak ang gayon.

¿Alin kaya ang dapat paniwalaan sa kanilang dalawa? ¡Kay laking suliranin!

At ... sa suliraning iyan ay para ko pong nakikinikinita sa dalawang bantog na manunulat na iyan, na darating ang isang pagkakataong maguunawaan din sila; pagtatapisin ang kapwa nila matwid sa pamamagitan n̄ pagpipinkian n̄ kanikanilang m̄ga panitik sa laranḡan ng digmaan n̄ literaturang tagalog.

N̄guni't samantalang tayo po'y nagiiintay at upang ako'y makatupad sa inyong napithaya ay wala po akong ibang gagawing batayan sa *epilogong* inyong hinihin̄gi kundi, ang sinabi n̄ kataastaasang Pan̄gulong Wilson, na, *anya'y: justicia y nada mas justicia*.

[125]

Sa makatwid ay wala kayong sukat maintay sa akin, maran̄gal na Bbg. Cortes, kundi ang dalawang bagay: purihin ang dapat purihin, at, punahin ang dapat punahin.

¡Kurokuro!

Ang aklat mo pong ito, Bbg. Cortes, ay isang aklat na tan̄gi sa may layong mag-alis n̄ kulaba sa pangmalas n̄ m̄ga han̄gal, magakay sa lalong may bulag na pagkukuro, nakapagtuturo pa rin sa ibang kadalagahan, diyan sa m̄ga dalagang dahil sa kinang n̄ salapi n̄ sa kanila'y mamintuho, ay nalilikhang sapilitan ang pag-ibig at di inaantay ang kusang tibok n̄ kanilang puso.

Sa loob n̄ga n̄ AGAWAN N̄ DAN̄GAL ay parang namamalas ko pa hanggang n̄gayon ang animo'y m̄ga larawang buhay na nagsisigalaw: ang magandang Dolores; ang mapalad na si Artemio; ang mapagsisting si kapitana Martina; ang antukin at matatakuting si kapitang Andoy; ang mabuting tao, n̄guni't masamang kristianong si Simon; ang matapat at walang kasingbuting katoto, ang may diwang Tasio, sa Noli ni Rizal, na si Pastor; ang mapagpansin na si Labadre; at ... ang nakatatawang pagkahuli ni kapitana Martina sa isang batang sisilipsilip n̄ nag-aagahan na si Beteng, yaong si Beteng na walang tan̄ging ipinan̄gahas mula't mula pa kundi ang kanyang kayamanan, ang kanyang pilak, sa pan̄gingibig sa mayuming si Dolores, na siyang gumanbala n̄ kanyang isip, diwa't pagkatao.

[126]

Ang nakakapanaghiling kapalaran n̄ artistang si Artemio, si Artemiong kapangpan̄gan, ang wika n̄ga ni Beteng, yaong si Beteng na hindi makapaglakbay sa lupang pan̄gako, kundi may kasama; hindi makapitas n̄ ibinabawal na bun̄ga n̄ *mansanas* kung walang hagdanang matutungun̄an, ay maging mabisa sanang *tampal* at matinding *hagupit* sa ilang m̄ga lalaking kung walang tulay ay di makapan̄gibig sa isang himala n̄ ganda, sa isang *Venus*.

Si Dolores, ang kapatid na bunsong ito, ni Maria Clara, sa *Noli Me Tangere*, ni Meni, sa *Banaag at Sikat*, ni Celia, sa *Florante at Laura*, at ni Ligaya sa *¡Kristong Magdaraya!* ay pinaglupaypay ninyo ang matigas na puso sa darang n̄ maalab na pag ibig; pikitmatang pinatalaktak ninyo sa kaharian ni Cupido at pinahintulutan din ninyong magpamalas sa masinsing tabing n̄ pagkukunwari sa kanyang hinahan̄gaang binata, sa umagaw n̄ kanyang pananahimik: kay Artemio.

At talagang ganyan n̄ga po ang dapat ninyong gawin, maran̄gal na binibini, upang magkaroon n̄ *naturalidad* ang isang pangyayari na, hindi gaya n̄ iba nating man̄gan̄gatha na sa pagnanasang huwag masinagan n̄ bahagya mang gaspang ang isa sa m̄ga kumakatawan n̄ kanilang aklat, na sapagka't binigyan na nila sa una n̄ m̄ga *character* na mahinhin, mayumi ay pakapipilitin patain o inisin ang itinitibok n̄ puso.

[127]

At upang patotohanan kong minsan pa sa inyo, na talagang hindi kamalakmalak na mangyari ang inyong ginawa na sa kahinhinan at kayumián ni Dolores ay paibabawin ninyo ang kagaspanḡang nililikha n̄ pag ibig ay ipahintulot ninyong sipiin ko rito ang matwid n̄ ating Balagtas sa kalakhan at kadakilaan n̄ ating tinutukoy:

Oh! pagsintang labis ng kapangyarihan  
sampung magaama'y iyong nasasaklaw,  
pag ikaw ang nasok sa puso nino man  
hahamaking lahat, masunod ka lamang.

¿Ano ang nangyari kay Beteng?

Humigit kumulang na sinasabi sa aklat ninyong ito, na siya, si Beteng ay wala ng sinikap sa gabi't araw ó sa lahat ng sandali, kundi ang ikalulukso ng danġal ng umagaw sa kanyang lanġit, sa kanyang paraluman. At, di nġa inaksaya ni Beteng ang mahabang panahon at karakarakang isinagawa. Inanyayahan isang araw ang dalawa niyang kaibigan, si Simon at si Pastor at isinangguni ang kanyang maruming nais; datapwa't anong tiwaling pagtitiyap at sa isip at diwa nitong huli, kay Pastor ay itinanim ninyo, ang damdaming Delfin, ang pusong Felipe sa "Banaag at Sikat" ng makatang Lope, na sa harap ng matatalim na upasala at marunġis na adhika ni Beteng, ay di ninyo pinapagtagal ang puso ni Pastor, pinapanalag ninyo sa mġa ulos at taga ng mġa kaaway na lihim ng kanyang kaibigan.

[128]

At sunodsunod ninyong isinabibig ni Pastor ang ganitong panġunġusap, sa tulong ng kanyang dilang walang panġiming magsabi ng katotohanan:

"Mġa kaibigan, huwag ninyong hamakin ang kanyang lahi. Kapangpanġan man at tagalog ay iisa ang uri, at ang sumira ng pag-iisang iyan, ay yaon ang taksil na dapat panġilagan. Ang taong pumapatay ng pag-dadamayan ng pilipino ay yaon ang kalaban ng bayan. Ang kaluluwang nagtatanim ng pag-iirngan ay siyang uod na sumisira ng laya at pag-asa ng lahat".

¡Anong ningning ng pagkukuro ni Pastor!

At... nakaramdam ng kirot ang dalawang pinagsabihan...

"Hindi mġa kaibigan—ang ganti ni Pastor—kailan ma'y di ko magagawa ang sumugat sa kapatid. Nguni't, oo; makikipaglaban ako sa kanino mang nagbibinhi ng pag-iirngan. Ang buhay ko'y aking itinataya lubha pa't ang pag-iirngan ay ipupunla dahil lamang sa inggit sa isang lalaking kinakandong ng palad..."

[129]

¿Ilan kaya sa mġa kababayan natin, Bbg. Cortes, ang makapagtataya ng buhay sa pagtatanggol ng matwid ng isang tao?

¡Kay dakila ng inyong paghahaka!

Matapos magpaalaala ang baliw na si Beteng kay Pastor, na ito'y nasa ibang bahay, ay para ko pang nakikinikinitang nakanġiti at hantad ang noong sumagot:

"Sa bahay na pinaghaharian ng dilim ay doon ko dinadala ang ilaw".

Pagkatayogtayog po ng kurokuro ninyong ito, Bbg. Cortes, na sa pamamagitan ng kaunting salita lamang ay halos niyayanig ninyo ang budhi ng mapagdunongdunungang mġa hanġal.

Ang dalawang katalo ni Pastor ay lalo ninyong pinagpuyos ang kapootan.

Ipinagtabuyan si Pastor, nguni't panġiti ring sinabi:

"Dapat ninyo akong itaboy; dapat ninyo akong turang ulol: sapagka't, ang gurong nagtuturo ay talagang kalaban ng mġa musmus na tinuturuan."

Sa harap ng ganyang maigting na pagwawariwari ni Pastor, ay tahasang masasabi ko Bbg. Cortes na ang inyong baguhang panitik ay karapatdapat maisapiling ng lalong mġa tanyag at dakilang mġa manunulat natin, sapagka't minsan pa ninyong ipinakilala ang mataos ninyong paggalang at pagmamahal sa wastong matwid.

[130]

Si Pastor ay nilakipan ninyo ng kislap ng sosyalismo ng mġa banal na aral ni Tolstoy, Jaurès at iba pa, na, siya ninyong nais matutuhan ng ating mġa kababayan.

Kusa kong iniwan at babayaan na, maranġal na binibini, ang nakaiinggit na lambinġan ng dalawang pusong bihag ng pagibig: si Dolores at si Artemio. Hindi ko na po paguukulan ng kurokuro ang kadalisan ng puso ni Dolores na hindi maalam masilaw sa kinang ng salapi at sa hibo ng kisig. Kusa pong di ko na gagalawin o paguukulan pa ng mġa wariwari ang kasiglahan ng handa sa kaarawan ni Dolores, maging ang kasanayan ninyang tumugtog ng alpa; maging ang kalunoslunos na hinangganan ng masayang handaan sa bahay ng ating dalaga; ang di ninyo paglimot sa paglalarawan ng mga kagandahan ng mġa bituin ng "Kami Naman" na dumalo sa naturang kasayahan, palibhasa'y ang lahat ng iyan ay inaasahan kong sapat nang makapagudyok sa lahat ng makababasa ng aklat na ito,

upang putunġan kayo nġ walang katapusang pagpupuri.

At, ĳkung alinalin ang aking isasakaruruan nġ lalong kapurihan?

Wala pong iba Bb. Cortes kundi ang kinawilihan ko nġang paghahaka ni Pastor, na busog na busog nġ pagibig sa kanyang mġa kababayan, at ... ang mġa panġunġusap nġ baliw na si Beteng nġ siya'y napipiit na.

[131]

Sa ikaapat na kabanata, sa pangkat na naglalarawan nġ boong pagsisigang ni Pastor, sa pagdamay sa kanyang kaibigang Artemio at sa harap nġ mġa manunugtog na ipagpaparanġal ni Beteng ay natunghayan ko na naman, matapos ang ilang paliwanag ang lalong dakilang kurokuro ni Pastor:

“Narinig na ninyo—ang saad ni Pastor na linawin natin: hindi raw dapat bigyan nġ tungkulin ang isang dapo. Katwiran, nġuni't ĳbakit nila natitiis ang mġa dapong naghahari sa ating bayan? at ĳdapo ba si Artemio? ĳAno kung kapangpanġan siya? ĳHindi ba pilipino rin? ĳMaaari bang magsarili ang tagalog na ang kapangpanġan ay hindi? ĳNapakarupok na pagkukuro! Ang masasabi ko'y nakikilala ang dapong kapatid din nila, datapwa't hindi nila nakikilala ang tunay na dapong dito'y tumawid. [...] Nġayon at kalahi ay halos sakmalin. Nġuni't kung maputi kahi't na lumapastanġan, ay nġininġitian din. Sinusurot, dinuduro at pinamumukhaan ang kabalat subali't ang dayo ay saka lamang mamura kung nakatalikod”.

Kay sakit mo pong susugat Bbg. Cortes. Nġuni't inaakala kong kailanġan nġang ang mġa bulok at uod na makasisira sa mabulas na pagkakaisa ay isa isang lasunin. ĳPatatin!

[132]

ĳMagbinhi nawa ang inyong magandang adhika!

Sa gitna nġ pagtataka nġ hindi mabilang na mġa manggagawa sa bahay palimbagan nġ pamahalaan na nakuwarentenas dahil sa sakit na di umano'y *dipterya*, sanhi sa pakakapag-abuloy sa lahat, kasapi at di man nġ malusog na Samahang *Kami Naman* ay para ko pang naririnġig magpahangga nġayon ang matalinghagang mġa panġunġusap nġ isang ulol na sagana sa mġa katotohanan.

At sa wakas nġ kanyang maniningning na sinabi, sa huli nġ kanyang mġa panġarap sa sinasapit nġ ating bayan, at pagkakaagwat nġ kapalaran nġ mayaman sa mahirap, nġ pagkabalayo nġ mahirap sa mayaman, ay di ko malirip magpahangga nġayon po, Bbg. Cortés, kung bakit naisipisipan nġ ulol na si Beteng ang maglawit nġ isang panyo at bago sinabi nġ makita niyang pinapaspas na nġ hanġin:

“ĳHayan ang watawat nġ pagsuko! ĳHayan ang sagisag nġ pananahimik! Batiin ninyo at igalang. Mahalin ninyo at ibigin. Kung iyan ang ating ilaladlad sa gitna nġ digmaan ay unahan tayo nġ paghawak. Datapwa't kung pula, tanda nġ paglaban, ay magtututuruan tayo. ĳMagdarayang tapang!”

[133]

Subali't sino kaya ang pinatatamaan nġ ulol na si Beteng?

Kundi ako namamali, ay walang iba kundi ang ibang mġa kababayan nating matatapatang sa bibig nġuni't wala sa gawa.

ĳNapakasakit na panġunġusap!

Ang aklat mo pong ito, Bbg. Cortés, ay inaasahan kong sa kahalagahan nġ layunin ay magiging isang bagong tipan na ikapagbabago nġ likong kaugalian nġ marami. Mġa pansin:

Bbg. Fausta Cortés: Itulot mo po naman nġayon na ilahad ko ang aking mġa puna.

Tulad sa akin nġ sinabi, na hahalunkatin ko't ibubunyag ang dapat purihin at ukol punahin, nġayon ay magtatapat ako sa aking panġunġusap.

At, magsimula tayo.

Pagkarinig ko nġ pamagat nġ aklat na ito na AGAWAN Nġ DANġAL, ay kumilos na sa aking guniguni ang larawan nġ pag-aagawan sa katungkulan nġ ilang kapatid nating araw-araw ay nagbabanġay. Inakala ko na't hinulaan na yaong pag tutunggali nġ mġa taong gumugulo sa ating bayan ay siya ninyong pinuna. Ang isip ko'y humula nġ dalawang pangyayari, at boong boo ang aking pananalig na hindi sasala sa alin man sa dalawa kong akala, ang inilahad ninyo. Kung hindi ang nakahihiyang pag-aagawan sa karanġalan nġ ating mġa *politico* ay walang salang ang ligalig sa mġa halalan ang inyong tinuligsa. Ganyan ang boo kong sapantaha at marahil ay siya namang sasapantahain nġ iba. Datapuwa't ĳkay laking pakakamali! ĳAgawan pala nġ dalawang puso sa isang pain nġ pag-ibig! Hindi ko po sinasabing malayo ang pamagat sa laman. Hindi po, sa pagka't nalalaman kong may mġa taong iba ang panġalan sa asal. Lamang ay ipinagtatapat kong sumala ang aking hula.

[134]

Sa lahat n̄ dahon n̄ AGAWAN N̄ DANĜAL ay pawang makabagong pananagalog ang aking napuná. Sa kabaguhan ay mayroong m̄ga talatang nagkapilipilit ang pagkasalaysay. Aywan ko lamang kung sinadyáng pinaikot n̄ masiglang panulat ninyó, Bbg. Cortes.

¿Kung alin alin? Na itó po:

“Ang maayos na tabas n̄ mukha ay napapatunġan n̄ maiitim na buhók”.

Paano po kaya ang bikas n̄ mukháng yaón? ¡Napapatunġan n̄ maiitim na buhok! ¡Ina ko, kakilakilabot! Marahil ay sumusunong n̄ maiitim na buhók at di napapatunġan. (Maalaala ko pala.) Hindi rin masasabing sumusunong at lalo nang hindi napapatunġan; sapagka’t lalabas na si Dolores ay panot, paano’y sunong o nakapatong lamang pala ang buhok...

Iba naman:

“..... sinungkit ..... ang mantekilya.....”

[135]

¿Sinungkit? ¿Baka po kinahig? At kung ang *sinungkit* dito ay hindi mali, ay huwag naman kayong tumawa na sabihin kong “n̄ġinalot ang tubig.”

Isa pa:

“Tumayo sa mesa.....”

¿Tumayo sa mesa? ¿Saan tumayo: sa ibabaw po ba n̄ mesa? ¡Sus! ¿Si Dolores, ang mayuming dalaga, ang kaluluwa n̄ kasaysayang ito, ang tatayo sa mesa? Hindi mangyayari. Bakit noon ay kasalukuyan pa namang sila’y nag aagahan. Baka mayroon pang lalong tumpak na masasabi ang Bbg. Cortes, ay siya sana nilang ginamit.

Ganito at iba pang gaya nito ang sinasabi kong m̄ga nagpandanggong pananagalog na makabago.



Pagtutuos:

Anhin ko man pong punahin ang m̄ga katanġían n̄ dakilang panulat ninyo, binibining Cortes, ay lagi ring nananaig sa aking diwa at isipan ang m̄ga banal na layuning tinutunġo n̄ inyong akda. Ang m̄ga pansin na aking pinuna ay nagiging parang guhit na itim lamang sa isang malapad, matibay, marilag at napakapinong habi na niyári n̄ inyong bago n̄ġuni’t magiting na panitik. Anopa’t nakapagdadaġdag lamang n̄ kainaman ang manġilanġilan ninyong bagong ayos n̄ pananalaysay, sa mahalagang aklat.

[136]

At upang patotohanan ay napapakagat-labi ako sa katalinuhan ninyo na makapagsabi n̄:

“.....ang mahihirap ay magkakapatid na lahat. Kung paanong ang mahirap ay walang bayan, ay gayon din na walang lipi. Bayan niya ang Sangsinukob at lipi niya ang Sangkatauhan.....”

Sa inyong matataas na isipang iyan ay kabilang ako sa m̄ga humahanġa at hahanġa sa inyong panulat.

At talagang marunong kayo sapagka’t marunong kayong magpahesus sa inyong aklat. Niwakasan ninyo sa taimtim at kalugodlugod na pagmamahal ni Dolores kay Artemio. Sinabi pa ninyong:

“¡Kay tamís n̄ kamatayan kung gayón ang pagmamahal n̄ mauulila!...”

Akó man po, Bbg. Cortes, ay makapagsasabi rin at talagang nais ko na rin ang mamatay kung may isang Dolores na tatanġis sa aking pagyaón....

HONORATO H. DE LARA.  
*Taga “Ilog-Beata.”*

[Nilalaman]

NG  
"KAMI NAMAN"

[Nilalaman]

AKLATAN ÑG "KAMI NAMAN"  
**BAKAS ÑG SAMAHAN**

Ó ANG UNANG  
BAHAGI ÑG KASAYSAYAN ÑG

**"KAMI NAMAN"**  
(SAMAHAN ÑG MAHIHIRAP)

SAPUL SA PAGKATATAG  
HANGGANG SA WAKAS ÑG  
PAMAMAHALA NI G. A. DE  
LOS REYES

SINULAT NI

**Bb. GORGONIA DE LEON**

IKA APAT NA AKLAT  
ÑG AKLATAN ÑG



(1915)

---

AKLATAN ÑG "KAMI NAMAN" 1045, DAANG ANAK NG  
BAYAN (Dating "CREMATORIO"), PAKO, MAYNILA, K. P.

AKLATAN ÑG "KAMI NAMAN"

**BAKAS ÑG SAMAHAN**

Ó ANG UNANG  
BAHAGI ÑG KASAYSAYAN ÑG

**"KAMI NAMAN"**

(SAMAHAN ÑG MAHIHIRAP)

SAPUL SA PAGKATATAG HANGGANG SA WAKAS ÑG PAMAMAHALA NI G. A. DE  
LOS REYES

SINULAT NI

**Bb. GORGONIA DE LEON**

IKA APAT NA AKLAT ÑG AKLATAN ÑG

KAMI NAMAN  
LUPON NG MGA MANUNULAT

(1915)

## PAUNAWA

Ang aklat na ito ay nilimbag sa dalawang ayos: nilimbag na kalakip ñg "Agawan ñg Danġal" at nilimbag na may sariling balat ó takip. Sino mang magnais na magkaroon ay makabibili sa mġa bilihan ñg aklat dito sa Maynila, sa halagang isang peseta (P0.20). Ang mġa na sa lalawigan ay makapagbibilin sa Aklatan ñg "Kami Naman" sa halagang kahati (P0.25). Ipalilimbag din ang panġalawang bahagi at magtataglay ñg mġa larawan; gaya ñg larawan ni G. Apolonio Umping, G. Paulino Centeno, at iba pang may halaga sa "Kami Naman".



G. Francisco V. Dizon

Ang nagtatag ñg "Kami Naman" at nagíng unang  
Panġulo ñg Samahang ito.

(Tunghayan ang dahong ika 3)

## BAKAS ÑG SAMAHAN

O ANG UNANG BAHAGI ÑG KASAYSAYAN ÑG

"KAMI NAMAN"

(SAMAHAN ÑG MAHIHIRAP)

SAPUL SA PAGKATATAG HANGGANG SA WAKAS ÑG PAÑGUÑGULO NI G.  
ANGEL DE LOS REYES.


*Sinulat ni Bb. Gorgonia de Leon.*



Noon ay ika 25 n̄ Agosto n̄ 1912. Sa umagang yaon ay isang panahong tagulan ang nagisnang n̄ m̄ga taga Pako. Ang liwanag n̄ ilaw n̄ sangdaigdig ay di mang makagitaw sa makapal na ulap sa pan̄onorin. Nabigo ang m̄ga ibong sa tuwing umaga'y nagpupuri sa bagong liwayway. Walang nasisiyahan sa m̄ga sandaling yaon kung hindi ang m̄ga bulaklak na nagpapakasawa sa ulang hindi tumitila. Noon nasiyahan ang kanilang uhaw. ¿Ilan kayang puso't kalulwa ang sumusumpa noon sa panahon dahil sa pagkapinsala n̄ kanilang tipan?

Datapwa't nagmasun̄git man noon ang panahon, ay may isang binatang nagtatanghal n̄ kanyang kagitingan. Siya ay si G. Francisco V. Dizon, kawal n̄ bagong kabihasan. Siya ang lalong nagsikap na magsabog n̄ liwanag n̄ araw n̄ sigla n̄ kabataan sa nayon n̄ Sapote sa Pako. Ang ulan ay di niya ikinabalino, bagkus sa pamamagitan n̄ isang payong ay isa isang sinusundo ang kanyang m̄ga kaibigan upang magtulongtulong sa pagbalangkas n̄ isang Samahan. Ano pa't walang alinlan̄gang dapat sabihin na utang sa kanya ang kilusang yaon n̄ kabataan.

Sa isang tahanan sa nayon n̄ Sapote, Pako, Maynila, ay doon nagkatipon ang ilang magkakapanalig. At sa pan̄ungulo n̄ga ni G. Dizon, ay sumipot sa silong n̄ lan̄git n̄ Pilipinas ang isang bigkis n̄ kabataang pilipino. Sa mungkahi ni G. Luciano Suarez ay bininyagan n̄ "Kabataang Sikat". At, palibhasa'y pawang tinitibukan n̄ isang pusong uhaw sa dunong at aliw, ang m̄ga nagkakatipong yaon, ay «magpalakas at magpatalino» ang pinagsaligan n̄ pagkabuo n̄ Samahan. Aralan ang m̄ga pinagkaitan n̄ ilaw n̄ dunong at aliwin ang m̄ga ulila sa ligaya, iyan ang tan̄ging layon. At sa gayon ay nayari ang balak ni G. Dizon. Dapat alalahaning kinabukasan n̄ araw na yaon, ay siyang ika 26 n̄ Agosto, araw na napakaningning sa dahon n̄ kasaysayan n̄ Pilipinas, sapagka't siyang araw n̄ unang pagsigaw n̄ kalayaan n̄ bayang api n̄ kapwa bayan.



G. Amado Jacinto.

Naging Pan̄gulo n̄ Samahang "Mapagsikap" sa Malabon, Rizal

(Tunghayan ang dahong ika 19)

Nang sumunód na Linggo, unang araw n̄ Septiyembre, ay nagpulong na muli ang m̄ga nagsisigasig sa pagban̄on n̄ "Kabataang Sikat". Sa mungkahi ni G. Angel de los Reyes, ay binago ang pamagat at pinalitán n̄ "Kami Naman". "Kami Naman"

ang ipinamagat, sapagka't sa ibabaw n̄ kalansay n̄ m̄a samahang nabuwag na, ang ibig sabihin ay "*Kami naman*" ang magtutuloy n̄ layong itaguyod ang buhay n̄ mahihirap sa tugatog n̄ dan̄gal"....

Katulad din n̄ ibang m̄a Samahan at Kapisanan ay inabot n̄ sakit na *nin̄gas-kugon* ang "*Kami Naman*". Salamat sa ilang matatalinong manggagamot at ang sakit ay naihanap din n̄ lunas. Baga man ang "*Kami Naman*" noon ay para n̄ bangkay na malamig, dahil sa pagpapabaya n̄ ilan, ay muling sumigla. At noong ika 19 n̄ Oktubre n̄ taong 1912 rin, ay nagbitiw n̄ tungkulin si G. Francisco V. Dizon at si G. Angel de los Reyes ang napahalili, na naging Pan̄gulo n̄ Samahan.

Ang bagong pan̄gasiwaan ay nagpahayag noon din ng bagong palakad at binago na pati ang layon n̄ "*Kami Naman*". Boong puso namang pinagtibay n̄ lahat at sinalubong n̄ magiliw na palakpakan.

Ang mapanglaw na daing n̄ mahirap, ang malungkot na taghoy n̄ api, ang malumbay na hibik n̄ mahina, iyan, iyan ang nagbukas n̄ bagong isipan sa puso at diwa n̄ bagong Pan̄gulo. Binago n̄a ang dating saligan n̄ Samahan. Ang layong *magliwaliw* at *magpatalino* ay dinagdagan n̄ *pagdamayan*. Sa gayon, ay hindi pawang kabataan lamang ang yumakap sa "*Kami Naman*", kung hindi sampu n̄ may m̄a gulang na ay nakitulong.

"Buhayin ang naghihingi n̄along pagkakapatiran" ang naging saligan na n̄ "*Kami Naman*". At ang naging pananalig ay "Ang hirap ay bun̄ga n̄ kapabayaan, at na sa tiyagá ang pagtatagumpay".

Kapalaran mandin ang siyang sumubaybay sa bagong pan̄gasiwaan at n̄ sumunod na Sabado n̄ pagkahalal sa kanila ay nagtanyag na n̄ kanilang di karaniwang lakas at magagawa. Sa bahay paaralan sa daang Dart, Pako, ay ginanap ang pagtatanghal n̄ Samahan. Sa lamayang yaon ay may apat na raang tao ang dumaló. Ilang matatalino at litaw na mananalumpati ang nagpaningning sa pagdiriwang. (Ang buong tala n̄ kasayahang yaon ay matutunghayan sa pan̄galawang aklat n̄ Aklatang "*Kami Naman*" na *Tuntunin n̄ Pulong*.)



G. Aurelio Tolentino

Bantog na mandudula, matalinong manunulat at matapang na mamamahayag. Sa laran̄gan n̄ pananagalog ay kinikilalang isa sa m̄a may mataas na uri at may tan̄ging pananalaysay. Siya ang kumatha n̄ dulang "*Bagong Kristo*" na nagtamo n̄ isang gantingpalang panulat na ginto. Siya rin ang lumikha n̄ bantog na dulang "*Kahapon, N̄gayon at Bukas*"; dahil sa kagitingan n̄ dulang ito ay piniit siya n̄ Pamahalaang Amerikano. Siya ang sumasagot kung ano ang unang aklat n̄ Aklatan n̄ "*Kami Naman*".

(Tunghayan ang dahong ika 19)

Dahil sa bagyong nanalanta sa Sebú noong Oktubre n̄ 1912, ang "*Kami Naman*" ay nagsimula n̄ pakikisama sa bayan. Binahaybahay na tinawagan ang maawaing pusó n̄ pilipino sa Sapote, at lumikom n̄ isang halagang iniabuloy sa m̄a nasawi. At dahil sa pagkamatay n̄ ilang angkan n̄ m̄a kanayon na kapwa anakdalita, ay dumulog na naman ang "*Kami Naman*" sa bahaybahay upang abuluyan ang kapatid na dinatnan n̄ palad. Dapat talastasing ang m̄a unang inabuluyan n̄ "*Kami Naman*" ay m̄a taong ni ayaw man lamang makiyakap sa Samahang ito.

Sa ikapapaanyo n̄ damayan ay bumalangkas n̄ m̄a batas na susundin n̄



magkakapatid; at mula n̄ unang araw n̄ Disyembre n̄ 1912 ay nagsimula sa pag-iral. Marami rin ang m̄a namatay at namatayang m̄a kapatid. Sa malinis at maselan na pan̄an̄gasiwa n̄ In̄gatyamang si G. Dario Malonzo, lahat ay pawang tumanggap n̄ abuloy na nararapat. Walang nabinbin sa kanyang karapatan, bagkus ang lahat ay pawang nagtamo n̄ nauukol sa kanila sa lalong madaling panahon.

Dumatal ang ika 30 n̄ Disyembre n̄ 1912, araw na ipinan̄ḡin̄ḡilin n̄ lahat n̄ pilipino. Ang “Kami Naman” at ang nayong Sapote ay nagtuwang sa pagbubunyi sa lalong dakilang taga Silan̄gan. Nagdaos n̄ isang dulang hayag, nagkaroon n̄ tugtugan, nagilaw ang boong nayon at nagtayo n̄ m̄a arko. Ang lalong kapunapuna ay ang pagiisa n̄ nayon na pawang parol n̄ “Kami Naman” ang ginamit. At natapos sa ganap na kasyahang loob n̄ lahat. Ang salaping lumabis sa pagdiriwang ay inihandog sa “Kami Naman” n̄ kapulun̄gan n̄ nayon, na parang ganting pala sa maayos na pan̄an̄gasiwa sa pagdiriwang.

[8]

Sumunod na ibinunsod n̄ Samahan ay ang balak ni G. Marcelino Dizon na lumikom n̄ isang kusang ambagan upang ibili n̄ kasangkapang pang-apula n̄ sunog. Nakatagpo ang balak na ito n̄ m̄a balakid at binaka n̄ ilang di nasisiyahan. Gayon man ay pinan̄gatawanan din n̄ Samahan at nakabili rin n̄ m̄a palakol at timba na magagamit karakaraka sa isang simula n̄ sunog. Hanggang n̄gayon ay nakatanghal at nakahanda ang m̄a kasangkapang ito sa nayong Sapote.

Ang munisipyo n̄ Maynila ay siya namang hinarap n̄ “Kami Naman”. Sunodsunod na daing at kahilin̄gan ang iniharap upang ang nayong kinatatayuan n̄ Samahan ay ipaayos. Pinilit na maglagay man lamang n̄ gripo, sapagka’t noon ay nagkakahalaga n̄ anim ó limang sentimos ang bawa’t dalawang timba n̄ inumin sa pook na yaon. Bhirang linggo ang walang panawagan sa pitak n̄ pahayagan sa Maynila. At humangga sa paglalagay n̄a n̄ gripo at pagtatakda n̄ pamahalaan n̄ apat na libong piso sa ikaaayos n̄ nayon. Ito ang lalong malaking tagumpay na tinamo n̄ “Kami Naman”.

Upang iligtas sa sakit ang m̄a kanayon dahil sa malabis na paglulusak sa pook n̄ Sapote, ang “Kami Naman” ay nagtayo n̄ m̄a tulayang kawayan sa tulong n̄ nayon.




Nang hakutin n̄ m̄ga sanitaryo ang m̄ga kawani sa Limbagan n̄ Pamahalaan at kulun̄gin sa Pagamutang San Lasaro, dahil sa mikrobyo n̄ dipterya, ang “Kami Naman” ay siyang tan̄gi at kusang umabuloy sa m̄ga napinsalaang yaon. Wala ni isang kasapi sa “Kami Naman” na napalahok doon, datapwa’t ginawa ang pagdamay sa paniniwalang magkakapatid na lahat ang mahirap. At ito’y tinugon n̄ di gagaanong pasalamat n̄ m̄ga dinamayan. Noon ay Marzo n̄ 1913.

[9]

Sa gayong m̄ga ipinakisama n̄ “Kami Naman” sa bayan ay marahang sumusun̄gaw ang kanyang kabantugan. At lalo pang nabantog siya pagkatapos ipagbunyi ang ika isang taong buhay n̄ Samahan. Paano’y dalawang araw na ginawa ang kasayahan: ika 13 at ika 14 n̄ Septiyembre n̄ 1913. Nagbukas n̄ timpalak ng m̄ga dula at gilasan n̄ artista, na siyang kaunaunahang timpalak na may ganitong uri na idinaos sa sangkapuluang Pilipinas. Nagdaos pa n̄ isang misang alaala sa lahat n̄ m̄ga kasaping nan̄gamatay sa ilalim n̄ watawat n̄ “Kami Naman”. Nagkaroon n̄ binyag at kumpil at maghaponng m̄ga palaro. Ang nabantog na banda n̄ Meralko ay siyang tumugtog. At tinapos ang kasayahan sa isang magiliw na salosalong kapatid. Alinsunod sa m̄ga pahayagan dito sa Maynila ay mahigit na apat na libong tao ang dumalo sa m̄ga pagdiriwang na yaon. Dapat namang magkatotoo, pagka’t may m̄ga nagtayo pa n̄ m̄ga tindahan at lahat halos n̄ tahanan sa Sapote ay may kanikanyang handa. Ano pa’t ang pagdiriwang n̄ “Kami Naman” ay naging parang pista n̄ nayon. Sapul na noon ang “Kami Naman” ay nabantog na n̄ gayon na lamang at ang lalong nakatawag sa diwa n̄ marami ay ang m̄ga kartelong nagsabit sa trambiya na nagbansag n̄ kasiglahang ipamamalas n̄ “Kami Naman”.

[10]

Ang isa pa sa m̄ga pagdiriwang n̄ Samahang ito na hinan̄gaan din n̄ madla ay ang pagtatanghal n̄ m̄ga “Bituin” n̄ “Kami Naman”. Ginanap noong ika 21 n̄ Disyembre n̄ 1913, sa Dulaang Angel sa Singalong. Mahigit sa tatlong libong tao ang nanood. At noon ay minsan pang itinampok ang mayamang uri n̄ m̄ga babaing pilipina.



G. Rosendo S. Cruz

Sa m̃ga pamamahayag ñg bayan ang "Kami Naman" ay palaging nakikilahok; ñguni't pakikilahok na di sa gayongayon na lamang, kung hindi pakikilahok na kapunapuna; yaong nakapagpaparingal at umaani ñg papuri. Kung walang karrosa ang "Kami Naman" ay nakalulan naman sa sasakyan ang kanyang m̃ga kinatawan. Datapwa't hindi sa iisang sasakyan lamang kung hindi sa pito o labing apat kaya. At sa loob ñg dalawang taon ay labing dalawang ganting pala ang tinamo ñg "Kami Naman". ¿Ano pang sigla ang hahanapin? ¿Ano pang kilos ang magagawa? Wala na. Hanggan diyana na lamang talaga ang isang samahan.

[11]

Kasabay ang pagsisigasig na magtamo ñg lalo at lalong karanġalan, ang "Kami Naman" ay nagpapakatatag sa kanyang tayo. Inakala ñg Pangulong De los Reyes na ang pagkakaibaiba ñg hilig ñg m̃ga kasapi ay dapat tapatan ñg kanikanyang ikasisiyang loob. Dahil dito ay binahagi niya ang "Kami Naman" sa iba't ibang Lupon na may kanikanyang uri, layon, pananalapi, at m̃ga kaanib.

Ang unang Lupon ay ang Damayan. Magabuloy sa namatay o namatayang kasapi ang layon. Lupon sa Kalakal ang panġalawa at nagsimula ñg pagkilos noong Pebrero ñg 1913. Disyembre ñg 1913 itinatag ang Lupon ñg m̃ga Bituin na binubuo ñg pawang mapanghalinang binibini. Sila ay m̃ga kasaping pangdanġal sa "Kami Naman". Disyembre ring yaon ñg itatag ang Lupon sa Pagpapalakas. Bago sumipot ang masikap at masiglang Lupon ñg m̃ga Manunulat.

Lahat ñg lupon na ito ay nagtanghal ñg kanikanyang lakas at magagawa. Bawa't isa'y naghandog ñg matatayog na papuri sa boong Samahan. At sa lubos na paghanġa ñg isang kasapi sa "Ilog Beata" sa kakisigan ñg "Kami Naman" ay tinula niya ang kasunod:



G. Ramon S. Torres

Kalihim Tagapahayag ñg Samahan ñg m̃ga mananagalog na "Ilog Beata" at tumula ñg tulang "Kami Naman"

(Tunghayan ang dahong ika 12)

[12]

Bayang inaapi, ako'y nananalig  
na ang bawa't sikat ng araw sa lanġit,  
taglay ang tinig mong malungkot na tinig.  
At iya'y hindi ko matalos kung bakit  
ikaw'y lumuluha, ikaw'y tumatanġis  
gayong may lakas ka't may Bayaning Bisig.

Subali't hintay ka; aking ibubuhay  
ang isang alagad na dapat asahan.  
Luminġon ka roon, sa dakong Timugan  
at mamamalas mong na nawawagayway  
ang isang Bandilang kapitapitagan  
ng kilala't bantog na ang KAMI NAMAN.

Yao'y Kapisanang sagana sa lahat,  
sagana sa dunong, sagana sa lakas  
at hindi marunong matakot sa tawag  
ng kanyang kalabang mayaman sa gilas,  
pagka't alam niya't kanyang natatatap  
na ang Mundong ito'y Mundo nġ panġarap.

Isang Kapisanang ang bawa't kasapi  
ay may siglang taglay na kahilihili:  
isang Kapisanang ang hakbang ay laging  
tunġo sa pagsulong, tunġo sa lwalhati:  
sapagka't ang kanyang darakilang Mithi'y  
itanggol ang api: matwid ay maghari.

Yao'y binubuu ng dukha't mayaman  
ng mangmang at paham, bata at may gulang,  
sapagka't ang kanyang isang patakaran  
na salig sa loob noong Kapisanan,  
ang dukha'y ibanġon, ang aba'y tulunġan,  
wala ni mataas; pawang pantaypantay.

At, ito'y tulain nġ mġa makata,  
dakila sa lalong Samahang dakila,  
maningning sa lalong maningning na tala;  
at sapagka't ito'y butihing diwata,  
ako, ikaw, sila, ang lahat na'y pawa  
namang gumigiliw at nagsisihanġa.

Kay *Francisco Dizon* dapat kilalanin  
ang pagkakatatag nġ napakagiting  
na Samahang yaong may tanġing layunin:  
siya ang pumukaw, siya ang gumising  
sa nanġatutulog na mga damdaming  
na nanġalalanġo sa pagkakahimbing.

*Angel de los Reyes*: iyan ang pamagat  
ng kanyang panġulo nang ito'y matanyag;  
*Rosendo S. Cruz*: isa ring masikap;  
Yaman na ang Bayan sa gitna ng gubat  
ay hindi nagtamo ng magandang palad  
kung kaya nangyaring yao'y itinatag.

Hindi ba't ang taong likha ni Bathala  
ay taglay sa kanyang pagsipot sa lupa  
ang mga Tuntuni't Batas ng Paglaya?  
